


ITO AY ANG PAGSIKAT NG ARAW

 Iyuko natin ang ating mga ulo. Panginoon, habang nagkakatipon kami rito sa magandang umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, nakikita ang mga mumunting bukong namumukadkad, ang mga bubuyog na nagliliparan at sinisipsip ang kanilang bahagi, ang mga ibon na nag-aawitan na tila sasabog ang kanilang mga puso sa kaligayahan, dahil may isang Pasko ng Pagkabuhay. Naniniwala kaming Iyong ibinangon si Jesus mula sa mga patay, maraming taon na ang nakalipas, sa araw na ito, at aming ipinagdiriwang ang di—malilimutang araw na ito.

² At magkaroon nawa ng Pasko ng Pagkabuhay sa aming lahat, sa araw na ito. Nawa kami, bilang mga lingkod Niya, ay makaunawa sa Kaniyang Salita, na kasama na Niya kami noon pa man, at na sa ngayon ay naibangong kasama Niya at nakaupong magkasama sa Sangkalangitan.

³ Pagpalain ang gawain dito sa tabernakulo, at sa lahat ng lupain na kung saan nararating nito, sa pamamagitan ng teleponong ito.

⁴ Pagalingin ang lahat ng maysakit at may kalumbayan. Nawa ito’y maging isang Pasko ng Pagkabuhay para sa kanila, din, at ang paglabas sa karamdaman tungo sa kalakasan. At yaong mga patay sa mga kasalanan at pagsalangsang, mabuhay nawa sila sa araw na ito sa pamamagitan ni Cristo. At pupurihin Ka namin, sapagkat hinihiling namin ito sa Kaniyang Pangalan. Amen.

⁵ Tunay kong itinuturing na isa itong kahanga—hangang pribilehiyo, sa umagang ito na makabalik dito sa Jeffersonville, Indiana, kasama ang malaking kongregasyong ito, ang simbahan ay punong—puno at may mga nakatayo, at sa palibot at sa labas, at sa mga paradahan at sa lahat ng dako. Sa inyong mga nasa telepono sa buong bansa, isang napakagandang umaga rito.

⁶ Kaninang ikalima ng umaga, ang munti kong kaibigan na may mapulang dibdib ay dumapo sa bintana at ginising ako. Tila bagang sasabog ang kaniyang munting puso, na nagsasabing, “Siya ay nagbangon.” Lagi kong iniisip itong munting ibon bilang isang kaibigan, dahil gusto ko siya.

⁷ Gaya ng sinasabi ng alamat tungkol sa kaniya, “Isang munting kulay—kapeng ibon ang nakakita sa Kaniya na naghihirap sa krus, kung saan inilagay Siya ng kasalanan.” Siyanga, ang munting ibon ay walang kasalanan. Hindi Niya kailangang mamatay para sa munting ibon. “Ngunit lumipad

siya doon sa krus at sinubukang bunutin ang mga pako, sa pamamagitan ng kaniyang munting tuka, at naging pulang—pula ang kaniyang dibdib.” At ganiyan din ang nais kong mangyari sa akin, bilang isang pananggalang, sa pagsisikap na ingatan ang maluwalhating Bagay na ito na dahilan ng Kaniyang pagkamatay.

⁸ Dahil sa alam natin na limitado ang oras natin dito, lalo na doon sa mga kaibigan na nakikinig sa pamamagitan ng teleponong ito, nais kong tawagan ang inyong pansin sa umagang ito sa isang—isang larawan na minsan nang nakuha noon ng kamera, tungkol sa isang pangitaing nakita ko rito sa tabernakulo, hinggil sa paglisan ng Indiana, patungo sa Arizona; kung saan ay kakatagpuin ako, sa anyo ng piramide, ng pitong mga Anghel. Na hindi alam ang mangyari sa bandang huli, nang dumating ako roon, iniisip na iyon na ang katapusan ng aking buhay, na walang sinumang makakatayo sa pagsabog; at tiyak akong alam ninyong lahat ang tungkol sa pangyayari. At pagkatapos noon sa Sabino Canyon, isang umagang tulad nito, habang nasa pananalangin, may isang tabak na inilagay sa aking kamay, at ang sabi, “Ito ang Salita, at ang Tabak ng Salita.”

⁹ Maya—maya, lumitaw ang mga Anghel gaya ng naihula. At sa sandali ring iyon, isang malaking kumpol ng Liwanag ang umalis mula sa kinatatayuan ko, at pumaitaas ng tatlumpong milya sa himpapawid, at pumapaikot, na parang mga pakpak ng mga Anghel, at gumuhit sa langit ng isang hugis ng isang piramide sa kumpol ding iyon ng mga Anghel na lumitaw.

¹⁰ Nilitratuhan ng siyensiya, simula roon sa Mexico, habang kumikilos ito mula sa hilagang bahagi ng Arizona, kung saan sinabi ng Banal na Espiritu na ako’y tatayo, “apatnapung milya sa hilagang—silangan ng Tucson.” At ito ay pumaitaas sa himpapawid, at inilathala ng *Life* na magasin ang mga larawan, “Isang di—pangkaraniwang bagay lampas sa mga himpapawid, kung saan ay hindi maaaring magkaroon ng halumigmig, kung saan ay hindi maaaring magkaroon ng singaw ng anumang bagay; tatlumpong milya ang taas, at dalawampu’t pitong milya ang lawak,” at pumaitaas iyon mula sa kinaroroonan ng mga Anghel na iyon.

¹¹ Ngayon, nagtanong sila, upang alamin. Ang siyensiya, ang isa sa kanila sa Tucson, na nagnasang malaman ang anumang kahalagahan nito, subalit hindi ko sinabi sa kanila. Alam n’yong lahat ito, nasabi na ito bago pa man. Subalit hindi ito para sa kanila; ito’y para sa inyo.

¹² At kaya nangusap Siya sa akin doon, at nagsabing, “Ang Pitong Tatak ay bubuksan. Ang pitong mga hiwaga, ang pitong—luping hiwaga ng Biblia, na nakapinid mula pa nang itatag ang sanglibutan, ay maihahayag na.” At tayo, bagama’t isang munting hamak na grupo lamang, kung ihahambing sa buong

mundo, ay nagtamasa tayo ng mga pagpapalang ito, ang mapakinggan ang mga hiwagang iyon. Ang kasal, diborsiyo, binhi ng serpiyente, lahat ng iba't ibang katanungang ito, ay ganap ng naipahayag sa atin, hindi ng tao, kundi ng Diyos, Mismo, na nagbukas ng pitong hiwagang iyon; kung ano ang Iglesia noon, kung paanong Ito ay nakay Cristo noong pasimula, at kung paanong maihahayag Ito sa huling araw.

¹³ At ngayon, habang pumapaitaas ito, mayroon tayong larawan sa labas sa may isang plake. Ngunit, gayunpaman, mayroon akong nakalagay ngayon na larawan dito, kung mapapansin n'yo, gaya ng nailathala din ito sa magasin ng *Life*. Ngunit hindi ko alam kung ang mga tagapakinig ko, na naririto, ay talagang tumingin ng totoo sa larawan, kita n'yo, kita n'yo, sa paraang ito'y dapat.

¹⁴ Natatandaan ninyo, nangangaral ako noon nang dumating ang pangitaing ito, sa isang paksa sa Aklat ng Apocalipsis, kung saan ang mga matatandang tagapaghatol, kung saan nakita nating si Jesus ang Apocalipcis 1. Nang umpisahan nating buksan ang Pitong Tatak. . . o ang—ang Kapanahunan ng Iglesia, pala, bago pa maganap ang pagbubukas ng Pitong Tatak. Si Cristo ay nakatayong may “buhok na tulad sa balahibo ng tupa, maputi.” At inilarawan ko iyan sa inyo, na ang dating mga hukom na Ingles, at mga hukom noong araw, kapag tumutungo sila sa hukuman, upang manumpa, ang pinakamataas na nilang kapamahalaan ay ipinagkakaloob sa kanila. Nagsusuot sila ng isang puting peluka, tulad ng nakagawian, sa kanilang mga ulo, upang ipakita ang kanilang pinakamataas na kapamahalaan.

¹⁵ Buweno, kung pihitin n'yo ang larawan ng *paganito* at titingnan, maaaring makikita n'yo riyang sa kinaroroonan n'yo, ito'y si Cristo. Tingnan ang Kaniyang mga matang nakatingin *dito*, napakatumpak gaya ng ito'y dapat; suot—suot ang puting peluka ng Kataas—taasang Pagkadiyos at Hukom ng buong langit at lupa. Nakikita n'yo ba ang Kaniyang mga mata, ilong, ang Kaniyang bibig? (Nagsabi ang kongregasyon, “Amen.”—pat.) Ipihit lamang ang larawan mula *rito*, kung paano nila kinuhanan ito; ng *paganito*, sa dapat nitong posisyon. At inyong. . . Nakikita n'yo ba ito? (“Amen.”) Siya ang Kataas—kataasang Hukom. Wala nang iba maliban sa Kaniya. At iyan ay isa na namang ganap na pagkakalilanlan, isang pagpapatibay na ang Mensaheng ito ay ang Katotohanan. Ito ang Katotohanan. Ito ang totoo. At hindi Siya ginagawang pangatlong Persona, kundi ang tanging Persona!

¹⁶ Mayroong puti, kita n'yo, nakikita n'yo ang madilim na bahagi, ang Kaniyang mukha, ang Kaniyang balbas, at Kaniyang mga mata. At pansinin, tiningnan Niya. . . Mula sa Kaniya ay nagmumula ang sinag ng Liwanag na ito na bandang kanan, kung saan Siya nakatingin. At sa krus, doon Siya nakatingin, sa kanan, kung saan pinatawad Niya ang makasalanan. Sa

Liwanag ng Kaniyang Pagkabuhay na maguli, nagpapatuloy pa rin tayo sa Kaniyang Pangalan.

¹⁷ Nais ko, sa umagang ito, na magkaroon sana ako ng maraming panahon na—na magugol sa mga di—pangkaraniwang mga bagay na ito ng walang pag—aalinlangan, na pinatunayan sa loob ng nakaraang tatlumpong taon, o tatlumpu't limang taon, dito mismo sa simbahang ito; doon pa man sa ilog, nang ang Liwanag ding iyon ay bumaba rito sa Jeffersonville, noong 1933, at binigkas ang mga salitang iyon, “Kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang unang pagdating ni Cristo, ang iyong Mensahe ang maghahanda sa ikalawa.” Tayo ay nasa huling panahon na, at nakikita natin ito. Nagtatanong tayo minsan kung bakit hindi ito lumaganap sa buong mundo; marahil minsan ay magkakaroon tayo ng pagkakataon upang ipaliwanag iyan, kung loloobin ng Diyos.

¹⁸ Ngayon nais kung buklatin n’yo ang—ang inyong mga Biblia, gaya ng sa tuwina’y pinaniniwalaan natin na ang Salita ang kailangang dapat mauna, ang pagbabasa ng Salita. Palagi kong binabasa Iyan, dahil Ito’y... Ang aking mga salita ay salita ng isang tao, ito ay mabibigo; subalit ang Salita ng Diyos kailanma’y hindi mabibigo.

¹⁹ Ngayon tayo ay—ay babasa mula sa Banal na Kasulatan, ng isang teksto. At nais naming buksan ninyo, una, sa tatlong dako sa Biblia, na napili kong babasahin. Ang isa sa mga ito ay nasa Apocalipsis, sa unang kabanata, at sa ika—17 at ika—18 talata; dito Siya nagpakita na ang “buhok Niya ay maputi tulad ng balahibo ng tupa; at ang Kaniyang mga paa ay tulad sa tanso.” At pagkatapos ay nais ko ring kunin ninyo, sa inyong mga Biblia, ang mga taga Roma 8:11. Napili ko, sa umagang ito, ang tatlong dako upang basahin, mula sa Banal na Kasulatan, para sa aking Mensahe sa araw na ito, na inilagay ng Panginoon sa aking puso para sa muling pagkabuhay. At pagkatapos nais kong buksan n’yo, rin, ang Marcos 16:1 at 2. Diyan ko kukunin ang aking—aking konteksto.

²⁰ Ngayon sa Apocalipsis 1:18, mababasa natin ang mga Salitang ito, 17 at 18.

At nang siya’y aking makita, ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan. At ipinatong Niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, Huwag kang matakot; dahil ako’y ang una at ang huli;

At ang nabubuhay, at ako’y namatay; at, narito, ako’y nabubuhay magpakailanman, Amen; at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng hades.

²¹ At sa Mga Taga Roma ika—8 kabanata at ika—11 talata, mababasa natin ito.

Ngunit kung ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na maguli

kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo.

²² At ngayon sa Marcos ika—16 na kabanata, ang kabanata ng muling pagkabuhay, ang ika—16 na kabanata, ang una at ika—2 na mga talata.

At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, ang ina . . . at si Mariang ina ni Santiag, o at si Salome, ay nagsidala ng mga pabango, upang sila'y magsiparoon at siya'y pahiran.

At pagkaumagang—umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw.

²³ Ngayon, ang aking teksto sa umagang ito, nais kong kunin bilang isang teksto ang: *Ito Ay Ang Pagsikat Ng Araw*. At para sa isang paksa, nais kong gamitin ang, “ang Kapangyarihang nagbibigay buhay.”

²⁴ Ngayon, alam n'yo, marahil matagal na kayong nakikinig sa radyo at sa pangangaral ng iba't—ibang ministro. At ang ating marangal na Kapatid na Neville ay nangusap ng kaniyang paksang pang—Pasko ng Pagkabuhay kaninang umaga, tungkol sa muling pagkabuhay. At naisip kong talakayin ito marahil sa isang—isang kakaibang paraan, hindi upang maging iba, kundi upang masusugan lamang ng kaunti pa, marahil sa ibang anggulo, para sa inyo. Ang mga Kasulatan, bawat anggulo na puntahan mo sa Kasulatan, ipinahahayag Nito palagi si Jesus Cristo. Hindi ka makakatakas mula rito, sa anumang paraan. Sa tuwina'y ipinahahayag Siya nito.

²⁵ Ngayon, habang ang mundo ng araw na ito ay nasa isang—isang gawaing paggunita, o, kahit papaano, sa Estados Unidos at sa bandang ito ng mundo, sa umagang ito, sa mga simbahan at pangkalahatan, ay ipinagdiriwang ang isang alaala ng—ng pinakadakilang tagumpay na nakamit ng tao kailanman.

²⁶ Sa palagay ko, bilang Tagapagligtas nang Siya ay mamatay, o bilang isang sanggol nang Siya'y isinilang, hindi Siya nakaparito malibang pumunta rito sa ibabaw ng lupa. At nang mamatay Siya, tunay na binayaran Niya ang ating kasalanan. Ngunit, gayon pa man, napakaraming magagandang sanggol na isinilang, at napakaraming taong nagdusa at namatay para sa isang tunay na layunin, ngunit walang isa mang may kakayanang buhayin muli ang kaniyang sarili maging hanggang sa araw na ito.

²⁷ Ngayon, iyon ang pinakadakilang sanglinggo sa kasaysayan, ang pinakamalaking pagdiriwang sa lahat ng panahon, sa Pasko ng Pagkabuhay na ito kung saan pinatunayan Niya kung ano ang Kanyang sinabi. Maaaring magsabi ang mga tao ng mga bagay—bagay, gayon pa man hindi ito kaagad mapaniniwalaan,

ng lubusan, hangga't hindi ito mapatutunayan na siyang Katotohanan. At bilang Diyos, Yaong nagsabi, "Subukin ninyo ang lahat ng bagay; kumapit sa yaong mabuti," hindi Niya iniutos na inyong gawin ang isang bagay na hindi Niya kayang ganapin sa Kanyang Sarili mismo. Kaya't pinatunayan Niya kung sino Yaong namatay para sa ating kasalanan.

²⁸ At, ngayon, hindi lang ito isang araw ng pag—alaala, lahat ng mga nagagandang mga bulaklak ng Pasko ng Pagkabuhay na ito, at mga sombrero ng Pasko ng Pagkabuhay, at mga kunehong kulay rosas, at iba pa, na ating nakaugalian, at banal na pagdiriwang; na ang mga ito'y walang anumang, subalit hindi ito ang tunay na bagay sa mga paraang iyan.

²⁹ Katulad ng pinagpipilitang sabihin ng mga tao sa araw na ito, "Dapat maghugasan tayo ng paa minsan sa isang taon, sa—sa araw ng Huwebes, at magkomunyon tayo ng Biyernes," at lahat ng iba't—ibang doktrina ng . . . Nagtatalo sila tungkol sa kung dapat bang sa *ganitong* araw o sa *ganoong* araw, o dapat bang sa sabbath o sa unang araw ng sanlinggo; o . . . Lahat ng mga bagay na ito ay pawang mga tradisyon lamang. Anong buti ba ang maidudulot ng alin man sa mga ito sa inyo, Magkuwaresma man kayo o hindi Kuwaresma, kung wala namang Buhay sa inyo? Ito'y isang pag—alaala lamang. Alinman, walang masama riyang, subalit totoong tinaglay nila ang kanilang mga tradisyon, ngunit nakaligtaan nila ang pinakamahalagang bagay.

³⁰ Walang pakialam si Satanas kung gaano ka karelihiyoso, o kung gaano ka kawasto sa iyong Doktrina. Kapag makaligtaan mo ang Buhay na iyan, hindi ka magbabangon, sa anumang paraan. Kahit gaano ka man karelihiyoso, gaano ka man kabuti, gaano man karaming simbahan ang sinapian mo o sasapian mo pa, wala itong anumang halaga malibang isinilang kang muli.

³¹ Samakatuwid, kung binuhay ng Diyos si Jesus mula sa mga patay, binuhay ba Niya Siya para lamang sa isang alaala? At ang umaga bang ito ng pasko ng pagkabuhay na ipinagdiriwang natin ay isang—isang araw lang sa loob ng isang taon, o isang tiyak na araw na ating ipinagdiriwang ito? O, tayo ba'y mga tagapagtaguyod ng Kaniyang muling Pagkabuhay? Anong ibig sabihin niyan sa akin? Anong ibig sabihin niyan sa iyo? Ngayon ay naniniwala tayo, sa pamamagitan ng pananampalataya, na nagbangon Siya mula sa mga patay, subalit ano naman ang magagawa niyan sa akin? Iyon ay dalawang libong taon na ang nakalipas.

Ngayon upang makita na ang tekstong ito!

³² Nang sa ako ay pagod, ang braso ko'y nanakit, mula sa mga turok na binigay ng nars sa akin. Sapagkat, papaalis ng ibayong dagat, gaya ng nalalaman n'yo, sa loob ng ilang araw, at kailangan kong maturukan, ang anak ko at ako. At sa cholera, yellow fever, at lahat na, ako ay labis na napagod, na tila

magkakasakit ako. Kung saan, hinihiling ni Cesar na turukan ka bago ka mapunta sa ibang bansa. At ang sabi Niya, “Ibigay n’yo kay Cesar ang para kay Cesar, ngunit ibigay n’yo naman sa Diyos yaong para sa Diyos.”

³³ At habang nakaupo ako roon, na nag-iisip kung ano ang ipangungusap ko dito sa mga naghihintay na tagapakinig ngayong umaga; na labis ko namang ipinagpapasalamat, ang mga lalaki’t babae na itataya ang kanilang buhay alang-alang sa kung ano ang iyong sasabihin. “Paano ko ito gagawin? Ano ang aking kukunin para sa isang teksto?”

³⁴ At pagkatapos noon habang ako’y nakaupo roon, halos makatulog na, kumalampag ang aking pintuan, doon sa labas sa harapan ng bahay. Walang ibang taong naroon maliban sa akin, sa aking pagkakaalam. Pinakinggan ko. Hindi ko maintindihan ng husto. Pagkalipas ng ilang sandali, ang pintuan ng silid aralan ko, kung saan ako pumapasok kapag nag-aaral, ay kumalampag ito, at may patuloy na umuga ng pintuan. At ako—ako’y nagtungo sa pintuan at binuksan ko ang pinto, at, sa pagkagulat ko, isang—isang magandang batang babae, maliit, kulay-mais ang buhok, kulay asul ang mata ang nakatayo roon, tila isang munting bulaklak sa Pasko ng Pagkabuhay; hayan nakaupo siya rito at nakatingin sa akin ngayon.

³⁵ Inabot niya sa akin ang isang kard. At ito’y ang. . . Anupa’t, sa aking palagay sa pag-uwi ko ay aking daratnan ang mga kard ng Pasko ng Pagkabuhay, at iba pa; ngunit iyon lamang nag-iisa, sa pag-alis ng bahay, ang aking natanggap. At ang sabi niya, “Kapatid na Branham, ito’y mula sa aking ama at sa akin.” Nais niyang matiyak na naroon ang “sa akin.” At may arthritis ang kaniyang ama, na nakaupo sa selyang de-gulong, ang nagpadala ng kard na ito. Nang kunin ko ito at pasalamatang ang munting kagiliw—giliw na bata, sa kaniyang pagtalikod at paglayo sa pintuan, binuksan ko ang kard.

³⁶ At sa anyo ng kard na ito ay kinuha ko ang aking teksto. Sapagkat, naroon sa card ang San Marcos 16:1 at 2, sikat na ang araw, ang araw ay sumisikat na. Pagkatapos ay pinagnilayan ko iyon, at pagkatapos ang paksa ng “ang nagbibigay buhay,” tungkol sa pagkabuhay ni Jesus mula sa mga patay, kinuha ko ang aking paksa.

³⁷ Ngayon, ang araw, sa pagsikat ng araw. Buweno, may isang panahon noon nang ang mundo ay nasa lubos ng kadiliman. Ito ay walang anyo, at walang laman. At natatakpan ang lahat ng ito ng tubig, at ito’y naroon sa kadiliman, malungkot, mapanglaw na himpapawid. At ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa ibabaw ng tubig, at nagsabing, “Magkaroon ng liwanag.” May dahilan ang Diyos upang gawin iyon, sapagkat sa ilalim ng tubig na iyon ay mga binhi na Kaniyang itinanim, at kailangan na magkaroon iyon ng liwanag ng araw upang mabuhay.

38 At ang unang Liwanag na ibinigay sa lupa ay ang binigkas na Salita ng Diyos. Ang unang Liwanag na tumama sa lupa ay ang binigkas na Salita ng Diyos. Sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Na maging liwanag ang kadiliman, upang makapagpalabas ng isang nilikha ng kagalakan at buhay sa ibabaw ng lupa. Pagkatapos, ang Espiritu ng Diyos, habang kumikilos Ito ng may pag—ibig at habag, ng dakilang araw na iyon, ang unang araw ng pagbubukang liwayway ng paglikha sa ibabaw ng lupa; sumikat ang araw at tumawid sa kabuuan, ang sinag nito, at tinuyo ang tubig mula sa lupa, at bumuo ng himpapawid sa kataasan. At, sa unang pagkakataon nito, maghahatid ito ng kagalakan at buhay sa lupa, sa pamamagitan ng isang binhi. Isang dakilang panahon iyon.

39 Subalit, oh, walang anuman iyon, iyang pagsikat ng araw, tulad ang sa pagsikat ng araw noong umaga yaong Pasko ng Pagkabuhay. Sa pagkakataong ito, sa pag—angat ng araw sa kalangitan, nagkaroon ng mas dakilang pagsikat ng araw kailanman; sapagkat dumating ito na mayroong mas dakilang balitang taglay nitong pagsikat ng araw, kaysa pagsikat ng araw doon sa pasimula. Ang pagsikat ng araw na ito ay naghatid ng balita, na, “Siya ay nagbangon! Siya ay nabuhay mula sa mga patay, tulad ng ipinangako Niya. Siya’y nagbangon mula sa mga patay.”

40 Ang unang pagkakataon na sumikat ang araw, sa Genesis, ay naghatid ito ng mensaheng magkakaroon ng buhay sa ibabaw ng lupa, mortal na buhay.

41 Ngunit sa pagkakataong ito, nang sumikat ang araw, nagkaroon ng—ng dobleng pagsikat; may iba pa, ang Anak, na sumikat. Iyon ay ang . . . hindi lamang ito pagsikat ng a—r—a—w, ito ay pagsikat ng A—n—a—k upang maghatid ng Buhay na Walang Hanggan sa lahat ng ipinangakong Binhi ng Diyos na sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay nakita Niyang nasa ibabaw ng lupa.

42 Kung paanong hindi maaring mabuhay ang—ang mga halaman noong pasimula na walang a—r—a—w upang bigyan ito ng buhay; hindi rin maari, sa araw na ito, nang ang mga anak ng Diyos ay nasa lupa, kailangan nito ang Liwanag ng A—n—a—k upang bigyan sila ng Buhay na Walang Hanggan, ang Kaniyang mga hinirang na kilala na Niya bago pa itatag ang sanglibutan. Hinirang Niya sila sa Kaniyang Sarili bago pa itatag ang sanglibutan.

43 At nang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, noon, kung saan sa lupang ito ay nakahimlay ang ating katawan sa panahong iyon, sapagkat tayo’y mga alabok ng lupa. At sa Langit, ay may isang Aklat ng alaala, at ang Kaniyang mga katangian ay nasa Kaniya, na nalalamang dahil ang Anak ng Diyos noon ay nagbangon, ay

ibabangon din Nito sa Buhay ang bawat anak na itinalaga sa dakilang panahong ito. Alam Niyang magkakagayon ito. At ano ngang higit na maluwalhating pagsikat ng araw iyon kaysa noon sa pasimula, nang unang magbukang—liwayway ito.

Ngayon, sa dakilang pagkawasak na ito ng Selyo ng Pasko ng Pagkabuhay!

⁴⁴ Ngayon, sa araw na ito ay mayroon tayong isang tuberculosis, na selyo ng Pasko ng Pagkabuhay. Nagpadala ang mga tao ng mensahe, sa isa't—isa, at upang suportahan ang malakihang paglikom na ito ng pondo o pagkilos, para sa mga manggagamot at ng siyensiya ng medisina upang may magamit sa isang bagay, upang pigilin o kaya'y tulongan ang tuberculosis. Sila ay mga selyo, kung tawagin natin ay selyo ng Pasko ng Pagkabuhay, kapag nagpadala tayo ng mensahe sa isa't isa. Subalit pag natanggap natin ang mensahe, sinisira ang selyong iyon, sapagkat ang selyo ang humahawak sa mensaheng nasa loob nito.

⁴⁵ At ngayon, ang tunay na Selyo ng Pasko ng Pagkabuhay, dito sa pagsikat ng araw, ay nawasak; at ang lihim, ng Buhay pagkatapos ng kamatayan, ay nahayag. Bago pa ang panahong iyon, wala tayong nalalaman. Ang mundo ay nangangapa sa dilim, nangangapuhap, sa haka ng tao. Mga teoriya ang nasa puso ng tao, tradisyong gawa—gawa. Sinamba ng tao ang mga diyos—diyosan. Nagsamba sila sa araw. Sinamba nila ang lahat ng uri ng diyos. At lahat ng uri ng mga taong gumawa ng mga pag—aangkin, ay nagtungo silang lahat sa libingan, at nanatili sila sa libingan.

⁴⁶ Ngunit ang tunay na Selyo ay nawasak na, at Yaong Isa na minsan ng nabuhay tulad ng tayo ay nabubuhay, namatay tulad ng tayo'y mamamatay, ay nabuhay mula sa mga patay. Napakadakilang umaga! Hindi pa kailanman nagkaroon ng isang umagang katulad niyon, sa buong kasaysayan ng mundo. Ang lihim ay naihayag na Siya ang pagkabuhay na muli at ang Buhay.

⁴⁷ At sinabi Niya, nang lumabas Siya ng umagang iyon, “Dahil Ako'y nabuhay, kayo rin naman ay mangabubuhay.” Hindi lang Siya ang nakinabang sa muling pagkabuhay, kundi pati na ang lahat ng mga Binhing iyon na umaasa sa dakilang pangako ng Diyos ay nakinabang sa muling pagkabuhay na iyon sa Buhay. Sapagkat, ang sabi Niya, “Dahil Ako'y nabuhay, kayo rin naman ay mangabubuhay.” Iyon ang pagkawasak ng Selyo. Sapagkat Siya'y bumangon, gayundin naman ang bawat isang nakay Cristo ay ibinangong kasama Niya.

⁴⁸ Sa maluwalhating pagsikat ng araw na ito, pinatunayan ng Diyos, o pinagtibay, ang Kaniyang Salita. Lahat ng mga kapanglawan at pag—aalinlangan na gumulo sa isipan ng mga tao ay napawi, sapagkat narito Siya Yaong minsang nabuhay,

kumain, uminom, at nakisalamuha sa sangkatauhan, na nagsabi, “May kapangyarihan Akong ialay ang Aking Buhay; may kapangyarihan Akong ibangon itong muli.” At ngayon hindi lamang Niya ipinangusap iyon, kundi pinatunayan Niyang ito ang siyang Katotohanan. Oh, isang napakaluwalhating bagay nga niyon!

⁴⁹ Ako’y nakatitiyak sa umagang ito na maging tayo, na sumasampalataya dito, ay hindi makaarok kung gaano kadakila ang bagay na iyon. Sapagkat Siya’y nagbangong muli sa mga patay, tayo’y nagbangon na rin mula sa mga patay, dahil tayo ay naroon na sa Kaniya.

⁵⁰ Pansinin ngayon. Nang sa tinakpan ng karimlan ang lupa, at ang mga binhi ay hindi maaaring mabuhay nang hindi sisikat ang a—r—a—w, at tinakpan ng karimlan ang lupa. At ngayon ang A—n—a—k ay sumikat na, at lahat ng karimlan ay pinawi ng Liwanag na ito, habang lumalaganap Ito sa mga bansa, sa mga tao, na, “Wala Siya rito, ngunit bumangon Siya!” Anong—anong pangungusap! Pinatunayan Niya ang Kaniyang Salita. Pinatunayan Niyang Ito’y gayon, na maging totoo, sapagkat ngayon ay napagtagumpayan na Niya ang kamatayan, ang hades, at ang libingan.

⁵¹ Ang trinidad ng diablo; kamatayan, ang hades, at ang libingan; sapagkat si Satanas ang may—akda ng kamatayan, siya ang may hawak ng hades, at pati na ang libingan. At iyan ang trinidad ni Satanas, na naging sanhi ng isang bagay, iyan ay ang kamatayan. Sa kamatayan, tutungo ka sa libingan; at bilang isang makasalanan, tutungo ka sa hades. Iisang bagay ang lahat, ang trinidad ni Satanas, na siyang kamatayan. Na siyang bumihag sa tao sa lahat ng mga panahong ito.

⁵² Subalit ngayon ang tunay na trinidad ng Diyos, bilang Iisang nahayag kay Cristo, na Siyang Buhay, at siyang nagwasak sa mga Selyo at gumapi sa kaaway, at nagbangon, ang iisang tunay at buhay na Diyos. “Ako yaong namatay, at Ako’y nabubuhay magpakailanman, at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at hades.” Ang Diyos, na Iisa, na nagkatawang Tao, at nanahan sa ating kalangitnaan, at gumapi sa bawat kaaway. At pinatunayan ang trinidad ni Satanas ay nalupig na, at ang trinidad ng Diyos ay naipakilala na, ‘pagkat tanging ang Diyos lamang ang may kapangyarihang makapagsauli muli ng Buhay. Siya ang Emmanuel na iyon. Ang Diyos ay nahayag na sa laman.

⁵³ Hindi nakapagtataka na maaring angkinin niya doon, sa ika—27 kabanata ng Mateo, “Lahat ng kapangyarihan sa Langit at sa lupa ay ibinigay na sa Aking kamay. Isinusugo Ko kayo upang maging mga saksi Ko, sa buong mundo.” Napagtagumpayan Niya kapuwa ang kamatayan, ang hades, at ang libingan. Hindi lamang iyan ang ginawa Niya; at nagbangon, nagtagumpay, taglay ang lahat ng kapangyarihan sa Langit

at sa lupa. Ang lahat na nasa Ama, lahat na nasa Banal na Espiritu, at lahat ng iba pang naroroon, ay nasa Kaniya. “Lahat ng kapangyarihan sa Langit at sa lupa ay ibinigay na sa Akin.” Lahat ng iba pa ay wala nang kapangyarihan. Napagtagumpayan na Niya ito.

⁵⁴ Ngayon! At pagkatapos, hindi lang iyon, naghatid Siya ng Salita sa Kaniyang mga alagad, Kaniyang mananampalataya. “Huwag matakot, sapagkat Ako yaong Siya na namatay, at muling nabuhay magpakailanman. At nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng hades; napagtagumpayan Ko na ito. Huwag nang matakot, sapagkat ang bawat naitalaga, predestinadong Binhi ng Diyos ay magkakaroon ng Buhay kapag ang Liwanag ay sumilay sa buong mundo, ang maluwalhating Ebanghelyo. Sa bawat kapanahunan, Ito’y maglalabas ng aning itinalaga ng Diyos na maging gayon Iyon.” Siya ay nagbangon mula sa mga patay.

⁵⁵ Oh, anong kamangha—mangha ang bagay na iyon, “Ako ay buhay, o nagbangon” Ang kahulugan ng salita, ang salitang *binigyang—buhay*, sa salitang Griego ay ibig sabihin iyan ay isang bagay na “binuhay matapos mamatay.”

⁵⁶ Katulad ng—ng binhi na nabaon sa lupa, kailangan muna nitong mamatay, bawat munting bahagi ng binhi. Kailangan nitong mabulok, bawat munting bahagi ng binhi. At bawat munting bahagi ng buhay, na nasa binhi, ay kailangang muling lumabas.

⁵⁷ Siya ay “nabuhay matapos mamatay.” Hindi lang iyon. “At isusugo ang Buhay ding iyon na bumuhay sa Akin, ang Kapangyarihang naglabas sa Akin mula sa libingan, isusugo Ko Ito sa inyo, upang buhayin kayo, nang sa gayon saan man Ako naroroon ay duroon din naman kayo.”

⁵⁸ Sa Lukas, ika—24 na kabanata, ika—49 talata. Ang sabi Niya, “Pagmasdan, isusugo Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama; datapuwa’t magsipanatili kayo, o maghintay kayo, sa bayan ng Jerusalem, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galing sa Itaas.” Upang maipakita na hindi lamang Siya ang nakinabang doon, kundi naipamahagi Niya ang mga pakinabang na iyon.

⁵⁹ Dumating siya upang tumubos, o maghatid ng Buhay, yaong mga predestinadong Binhi na nakita na ng Diyos bago pa itatag ang sanglibutan at inilagay ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay. At naririto sila sa lupa, walang pag—asa; Siya’y dumating hindi lamang upang maging Pagpapala, kundi upang ibahagi ang mga Pagpapala sa bawat predestinadong Binhi. Ngayon, kung ang Binhi ay wala sa lupa, hindi ito mabubuhay. Ito ay kailangang nasa lupa, at sa gayon ay sumibol. Gaano man katagal Itong naitago sa kadiliman, Ito’y sisibol kapag ang A—

n—a—k ay suminag Dito. Pansinin ngayon, Siya ay dumating upang ibahagi Ito sa atin.

⁶⁰ Hindi kataka—taka ang Ebanghelyo ay mabuting balita. Ang salita mismong *Ebanghelyo* ay nangangahulugang “ang magandang balita.” Ang magandang balita, na ano? Kung ang isang tao’y namatay para sa atin, iyan ay magandang balita. Kung si Cristo ay isinilang, iya’y magandang balita. Subalit kailanman wala pang balita, hindi pa nagkaroon ng balitang katulad ng balitang ito, na, Siya Na nangako ay pinatunayan ang pangako, na, “Siya’y nabubuhay magpakailanman, at taglay ang mga susi ng kamatayan at ng hades, sa Kaniyang kamay.” Lahat na karimlan ay napawi. Wala nang karimlang makikita pa, sapagkat ang Anak ay nagbangon na mula sa libingan. Wala nang, “Buweno, darating Siya, o baka dumating Siya.” Dumating na Siya, ang Ebanghelyo, ang magandang balita!

⁶¹ Pansinin, ang pinaka Mensahe ng Ebanghelyo, Mismo, ay patunayan sa mga tao na Siya ay nagbangon. “Humayo kayo at sabihin sa Aking mga alagad na Ako ay nagbangon mula sa mga patay, at kakatagpuin Ko sila, upang patunayan ito sa kanila.” Diyos ko, kung paanong sa huling mga araw na ito ay mayroon muling sisilay na Liwanag sa ibabaw ng lupa! “At patutunayan Ko sa Aking mga alagad! Humayo at sabihin sa kanila na hindi ako patay, at hindi ako isang tradisyon, subalit isang buhay na Cristo. Katatagpuin Ko sila. Dalhin ang mga Mensaheng ito sa Aking mga alagad, na Ako’y nagbangon mula sa mga patay,” ang Ebanghelyo, ang magandang balita.

Sabihin n’yo, “Tama ba iyan?”

⁶² Ang sabi ng Hebreo 13:8, “Siya ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Tayo, na tagapakinabang Niya, ay magpapatunay na ang Kaniyang Buhay ay nasa atin ngayon, ang tagapakinabang ng Buhay na ito. Ang Buhay, wala pang buhay na ipinamumuhay tulad nito; Siya ang Anak ng Diyos. At namatay Siya, at iyan ang nagsara dito; ngunit nang Siya ay muling magbangon mula sa mga patay, sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, kung gayon tayo, bilang mga lingkod Niya, ay inutusan Niyang humayo sa buong sanglibutan at upang ihatid ang mabuting balitang ito sa bawat tao, na Siya ay nabubuhay. At paano nating maisasagawa ito sa pamamagitan lamang ng Salita? Sapagkat ito’y nasusulat, “Ang Ebanghelyo ay hindi dumating sa Salita lamang, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan at ng paghahayag ng Banal na Espiritu, upang patunayan na Siya ay buhay.”

⁶³ Ngayon, kung may iba pang ebanghelyo, katulad ng sinabi ni Pablo sa isa sa mga grupo, “Ako’y namangha na kayo ay bumaling sa ibang ebanghelyo.” Na wala namang iba, kundi isang pakunwaring ebanghelyo, sa isang makadenominasyong kathang—isip, na lumilihis mula sa mabuting balitang iyon.

64 “At sapagkat Ako’y nabubuhay, kayo rin naman ay mabubuhay. At Ako’y nabubuhay sa inyo, at ang mga gawang ginagawa Ko,” Juan 14:12, “ang mga gawang ginagawa Ko ang magpapakilala na Ako’y nasa inyo.” Napakagandang Mensahe! Hindi kataka—takang, nagkaroon tayo ng isang madilim na mundo ng teolohiya, ngunit sa panahon ng gabi ay magkakaroon ng muli ng Liwanag. Magkakaroon ng pagkabuhay na muli sa panahon ng gabi. Ito’y magiging Liwanag sa panahon ng gabi.

65 Ngayon, ang pinakadiwa ng Mensahe na ipinadala, na, “Siya ay nagbangon mula sa mga patay,” tayong mga tagapakinabang Niya, tayong nakikibahaging kasama Niya sa pagkabuhay na muli, ay nakikinabang mula dito, sa pamamagitan ng pagpapatunay sa sanglibutan na Siya ay buhay. Hindi natin ito magagawa sa pamamagitan ng salita lamang. Hindi natin ito magagawa sa pamamagitan ng tradisyon ng tao. Ipinapakita lang natin ng eksakto kung ano ang ating tinutukoy.

66 Ako’y nangangamba na napakarami sa atin ngayon ang hindi nagdadala ng mga tao kay Cristo. Dinadala natin sila sa isang simbahan, sa isang teoriya. Ngunit kailangang dalhin natin sila kay Cristo. Tanging Siya lang ang Iisa, at ang tanging Isa na may Buhay. “Siya na kinaroroonan ng Anak ay may Buhay.”

67 At kung ang buhay ng isang taong namatay ay naipapakita sa iyo, mamumuhay ka sa gayon ding buhay na ipinamuhay niya.

68 Kung ang dugo ng isang tao ay may kanyang uri, at kinuha mo ang dugo ng isang tao at pinalitan ng sa iba, siya ay siguradong katipo ng dugo niya na yan.

69 At kung ang espiritung nasa iyo ay itinuring nang patay, at pinahiran ka ng Buhay na nakay Cristo, ito’y sumasaiyo! Ang sabi ng Mga Taga Roma 8:11, “Kung ang Espiritu niyaong bumuhay na mag—uli kay Cristo mula sa mga patay, ay nananahan sa inyo, Ito’y magbibigay—buhay din naman sa inyong katawang may kamatayan,” ang Buhay ding iyon, yaong mga kapangyarihan ding iyon, yaong mga tagapakinabang ding iyon, na taglay Niya rito sa lupa, mula sa Diyos. Tinubos ka Niya, isang Binhing noon pa ma’y nakilala na ng Diyos, na ang mga pangalan ay nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanglibutan.

70 At ang Liwanag ng Ebanghelyong iyon ng pagkabuhay na muli, ang nagpatunay sa Salita! Paano natin nalamang Siya ang Cristo? Sapagkat pinatunayan Niya kung ano ang Kaniyang ipinangusap. Paano ko malalaman ang Mensahe ng kapanahunan? Pinatutunayan ng Diyos ang Kaniyang ipinangako, at nangusap siya tungkol dito. Iyan ang pagkakilanlan, na tayo ay mga kasama Niyang tagapakinabang

sa pagkabuhay na muli. Pinatutunayan Niya kung ano ang Kaniyang ipinangusap.

⁷¹ Kung ano ang ipinangako Niyang gagawin kay Cristo, pinatunayan Niya sa pagkabuhay nang muli. Kung ano ang ipinangako Niyang gagawin sa mga araw ni Moises, pinatunayan Niya ito. Kung ano ang ipinangako Niyang gagawin sa mga araw ni Enoc, pinatunayan Niya ito. Sa buong panahon ng mga apostol, Kaniyang pinatunayan ito.

⁷² Ngayon sa araw na ito, pinatutunayan Niya kung ano ang Kaniyang sinabi, sapagkat bahagi sila ng Binhing iyon na ikinatawan sa Aklat ng Buhay na ipinarito Niya upang tubusin pabalik muli sa Diyos. Oh, ano ngang Mensahe!

⁷³ Noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, hindi lamang Siya ang nagbangon, kundi ang Kaniyang mga tagapakinabang ay nagbangong kasama Niya. Siya . . . Sila ay nakay Cristo sa Kaniyang pagkapako. Sila ay nasa Kaniya sa Kaniyang pagkabuhay na muli. Tayo ang Kaniyang mga tagapakinabang, binuhay matapos na mamatay sa kadiliman.

⁷⁴ Ang nagdilim na daigdig ng di-pananampalataya, kung saan ang mga simbahan at mga denominasyon, at iba pa, humatak sa atin. At may isang bagay sa atin ang nananawagan, “Oh, tayo’y nagnanasa sa Diyos! tayo’y nagugutom at nauuhaw sa Diyos.” Sumapi na tayo sa Metodista, Baptist, sa mga Pentecostal, mga Presbyterian, at ano pa, at mayroon pa ring kulang, hindi lamang natin nasumpungan. At bigla na lamang, habang tayo’y nangangapa sa dilim, ang dakilang pagkabuhay na muli ay dumating sa atin sa kapahayagan ng ipinangakong Salita ng Diyos.

⁷⁵ Katulad ng, Siya ang kapahayagan ng ipinangakong Salita ng Diyos. “Hindi Ko iiwan ang Kaniyang kaluluwa sa hades, o hahayaan Ko man ang Aking Banal na makakita ng kabulukan.” Ipinamalas Niya Iyon, bawat Salita ng Diyos na ipinangako sa Kaniya. Pinatunayan Niya ito nang magbangon Siya nang umaga sa Pasko ng Pagkabuhay.

⁷⁶ Ngayon, sila na dating nangangapa sa dilim at nangagtataka, kung dapat ba silang maghugasan ng paa sa araw na *ito*, o kung dapat ba nilang ipangilin ang isang araw, o gumawa ng isang bukod na mga alituntunin, lahat ng mga bagay na iyon ay lumipas na. Dahil, nagkaroon ng isang maluwalhating pagkabuhay na muli na sumira sa bawat bagay na gawang tao na nagawa kailanman ng tao, bawat pangangatwiran ng gawang tao.

⁷⁷ Hindi pa kailanman nagkaroon, hanggang sa oras na iyon, isang taong makapag-alay ng kaniyang buhay at pagkatapos ay ibinangon itong muli. Sinasalangang Niya ang siyentipikong katibayan na taglay nila noon, sa pamamagitan ng muling pagbangon.

⁷⁸ Nang sinabi nila, na, “Si Jesus Cristo ay hindi Siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman,” na, “Ang Kaniyang Kapangyarihan ay hindi na gaya nang dati,” na, “Ang Kaniyang Ebanghelyo ay hindi na gaya nang dati,” samantalang sinasabi ng Biblia na ganoon pa rin Ito! Sinalangang ng Diyos ang bawat denominasyon, bawat kredo, at Siya ay sumulong sa Kaniyang Banal na Espiritu, na Kanyang ipinangako, at patunayan sa atin, na Siya ay Buhay.

⁷⁹ Tayo ang mga tagapakinabang ng Kaniyang pagkabuhay na muli, binuhay makaraang mamatay sa sanglibutan, sa kasalanan at mga pagsalangsang. “Binuhay Niya tayong kasama Niya, ibinangong kasama Niya, ngayon ay nakaupo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus.” Ibinababa Niya . . .

⁸⁰ Ang Kanyang Espiritu ang Siyang nagbaba sa Kanyang Buhay mismo sa lupa. “Kung ang Espiritu ng Diyos, na nagbangon kay Cristo,” ang katawan, ang pinahirang katawan; kung pinahiran ng Espiritu ng Diyos ang katawang iyon sa gayong paraan na, nang mahulog ang Binhing iyon sa lupa, sadyang hindi Niya pinanatili Siya roon. Hindi. Kaniyang binuhay Siya at ibinangon Siya. “Ang Espiritu ring iyon,” sa pamamagitan ng gayon ding mga gawa, sa pamamagitan ng gayon ding Kapangyarihan, ng gayon ding mga tanda, “na nananahan sa inyo, ibabangon din kayo Nito.”

⁸¹ Nais kong bumasa ng maikling Kasulatan dito para sa inyo. Nais kong buklatin n’yo sa isa pang Kasulatan na isinulat ko rito. Ito’y sakaling makatulong sa inyo ng kaunti. Ito’y masusumpungan sa Aklat ng Levitico, ang ika—23 kabanata, ang ika—9 hanggang ika—11 talata. Makinig nang maigi. Sa kautusan, sa batas ng Levitico, nangusap ang Diyos kay Moises. Makinig. Lahat ng mga ito ay mga tipo ngayon, at tayo’y titigil dito ng sandali upang matalakay ang mga tipong ito.

At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi,

Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila,

Pagka kayo . . . nakapasok sa lupain na ibibigay ko sa inyo, . . .

⁸² “Doon sa dako, sa posisyon, na ibinigay Ko sa inyo. Ngayon salitain mo sa mga anak ng Israel, na pagdating n’yo sa takdang dako na Aking ipinangakong pagdadalhan Ko sa inyo, pagdating n’yo roon sa lupaing iyon.” Ngayon dito ay nangungusap sa natural, na tumitipong sa espirituwal.

. . . at inyong nagapas na ang ani niyaon (natanggap n’yo na kung ano ang sinasabi ko sa inyo), ay magdadala nga kayo sa saserdote ng bigkis na pinaka pangunang bunga ng inyong paggapas:

*At aalugin niya ang bigkis sa harap ng Panginoon,
upang tanggapin sa ganang inyo: sa kinabukasan
pagkatapos ng sabbath aalugin ng saserdote.*

⁸³ Kung mayroong anumang banal na rituwal, dapat itong maganap sa araw ng sabbath, na siyang ikapitong araw ng sanlinggo, samakatuwid ay Sabado. Subalit napansin n'yo ba, sa pag—alaalang ito, na aalugin ito sa unang araw ng sanlinggo?

⁸⁴ “Ang bigkis, na siyang una ng inyong binhi na inyong itinanim, kapag ito’y lumaki at mahinog, gagapasin n’yo ang bigkis na ito at dalhin sa saserdote. At hayaang kunin niya ito at aalugin sa harapan ng Panginoon, para sa inyong ikakatanggap, na tinanggap nga kayo. Dumating kayong dala ang inyong bigkis, at kaniyang aalugin ito sa harapan ng Panginoon, sa . . .”

⁸⁵ Hindi sa sabbath, na ikapitong araw; kundi sa unang araw, na tinatawag nating Linggo, S—u—n—d—a—y.

⁸⁶ Siyempre, iya’y isang—isang salitang Romano, na kanilang tinawag na kaarawan ng araw para sa diyos na araw. Subalit nabago na iyon!

⁸⁷ Ito’y hindi na s—u—n. Ito’y S—o—n—d—a—y na, ang araw ng Anak, na iyang butil ng Trigo (yaong Una ng Diyos na ibinangon mula sa mga patay) ay siyang aalugin doon sa kongregasyon, na tayo ay Kaniyang Binhi; at iyon ang panganay na Binhi niyaong mga nangatutulog, inalog sa unang araw ng sanlinggo. Sa araw ng Linggo, nagbangon Siya. Kumaway ng paalam, at umakyat sa Kaitaasan, sa harapan ng mga tao.

⁸⁸ Pansinin, Iyon ang unang butil ng Trigo ng Diyos na ibinangon mula sa mga patay, ang unang butil ng Trigo ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kapangyarihang magbibigay buhay ng Diyos, binuhay ng Diyos ang Kaniyang buhay, ibinangon Siya mula sa mga patay, at Siya ang naging Pangunahing Bunga niyaong mga nangatutulog, ang Unang Bunga. Siya ang Bigkis na iyon.

⁸⁹ Kaya’t kailangan nilang aalugin ang bigkis na iyon, sapagkat iyon ang unang gumulang. At aalugin iyon bilang isang alaala ng pasasalamat sa Diyos, na pinaniniwalaang ang iba pa sa kanila ay darating. Iyon ay isang tanda.

⁹⁰ At, sa araw na ito, dahil Siya ang unang Anak ng Diyos na dumating sa hustong gulang, upang mapasa Diyos, Siya ay pinitas mula sa lupa at inalog sa mga tao. Oh, napakaluwalhating aral! Sa pamamagitan ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, ang kauna—unahang Isa! Bagama’t, Siya ay—Siya ay naitipo; at maraming beses, katulad ng makikita natin mamaya, na Siya ay naitago. Subalit tunay na ito ang Pangunahing Bunga niyaong mga nangatutulog. Siya ay inalog sa ibabaw ng ipinangakong Binhi na may pangako ng Buhay.

⁹¹ Siya ay inalog sa Araw ng Pentecostes, “nang may dumating na ugong mula sa Langit tulad ng isang pag—aalog, humahagibis na malakas na hangin,” at inalog doon sa mga tao, sa mga taong pentecostal na naroroon sa Pentecostes, na naghihintay sa pagdating ng Pagpapala.

⁹² At aalugin muli, naunawaan natin, sa huling araw, ayon sa Lukas 17:30, sa araw muli ng Anak, “sa araw na ang A—n—a—k ng tao ay maihahayag,” o muling aalugin sa mga tao.

⁹³ Ngayon, Sino ang Anak ng tao? “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay ang Diyos. At ang Salita ay nagkatawang—tao, at tumahan sa gitna natin.” At kung ang lahat ng katuruan na taglay natin, at pagpapatibay ng Salita ng Diyos; sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng mga tanda, ng mga kababalaghan, nakikita natin ngayon, na sa Aklat ni—ni Lukas dito, na kasisipi pa lang natin, o ang—ang ika—17 ng Lukas at ika—30 talata; at Malakias 4, at ang iba’t—ibang mga Kasulatan na pamilyar sa atin, na na ang Salita ay muling inaalog sa mga tao, na ang mga patay na tradisyon ng mga tao ay patay, at ang Anak ng Diyos ay nabuhay muli taglay ang bautismo ng Banal na Espiritu mismo sa kalagitnaan natin, at nagkakaloob sa atin ng Buhay.

⁹⁴ Gaya si Cristo ang Unang nagbangon, mula sa lahat ng mga propeta, at iba pa; bagama’t itinipo sa maraming dako, Siya ang Pangunahing Bunga niyaong mga nangatutulog. Sa Nobya, sa pagdating ni Cristo, paglalabas ng iglesia, magkakaroon ng isang Bigkis na muling aalugin sa huling mga araw. Oh, naku!

⁹⁵ Pag—aalog ng bigkis! Ano nga ang bigkis? Ang kauna—unahang dumating sa pagkagulang, na nagpatunay na iyon nga ay isang trigo, iyon ang nagpatunay na iyon nga ay isang bigkis.

⁹⁶ Aleluya! Natitiyak kong nakikita n’yo kung ano ang ipinangungusap ko. Ito’y inaalog sa mga tao. At sa unang pagkakataon ay may lalabas, para sa kapanahunan ng Nobya, para sa isang muling pagkabuhay mula sa madilim na denominasyonismo, maging isang Mensahe, na ang lubos na paggulang ng Salita ay nagbalik muli sa kapuspusan ng Kapangyarihan Nito, at inaaalog sa mga tao, sa pamamagitan ng gayon ding mga tanda at mga kababalaghan na ginawa Niya noon.

⁹⁷ “Dahil Ako’y nabubuhay, kayo din naman mabubuhay,” nangungusap sa Kaniyang Asawa. “Dahil Ako’y nabubuhay, kayo din naman mabubuhay.” Napakadakilang pagkabuhay na muli niyaon! At napakadakilang pagkabuhay na muli nito, na mabuhay mula sa mga patay, “ang maging buhay kay Cristo Jesus,” sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay buhay.

⁹⁸ Siya ay inialog sa kanila. Ang Salita, na Siya nga, ay inalog pabalik sa kanila sa Araw ng Pentecostes, ang Salitang

naihayag. Ngayon, at tulad ng sinabi ko, Ito’y muling aalugin sa huling araw. Ngayon, halimbawa . . .

⁹⁹ Sasabihin mo, “Buweno, ngayon, sandali lang, Kapatid na Branham. May iglesia akong alam na . . .” Buweno, ako ay mayroon, din. Kita n’yo?

¹⁰⁰ Ngunit ngayon, halimbawa, ano kaya kung—kung bumalik tayo sa Tucson sa hapong ito, ngayon, at bawat isa sa atin ay may isang . . . ay paroroon sa isang—isang malaking Cadillac, na bagong—bago? At ang lahat ng mga upuan ay yari sa—sa balat ng usa, pinakamalambot na balat, malambot at maginhawang upuan; at ang sahig ay pelusa; ang manibela ay tubog sa nikel at punong—puno ng mga diamanteng buton; at ang makina ay sinubok upang maging isang tamang—tama na makina; at ang mga gulong ay . . . kumpleto sa bearing at nagrasahan; at ang mga gulong ay di—maoring mabubutas at di—maaring sumabog; at ang lahat ay sinubok nang makasiyensiya.

¹⁰¹ Sila’y nailabas yari sa pagawaan, dalawa sila, at pinuno silang lahat ng gasolina. Iyan ang lakas nito para tumakbo, ang gasolina, sapagkat taglay nito ang octane. Ngunit ngayon kung paaandarin mo ang mga ito, bagama’t kapwa sila ay magkamukhang—magkamukha, ngunit may isa sa kanila na walang anumang siklab, anumang lakas na pampasiklab.

¹⁰² “Buweno,” sasabihin mo, “ang lakas ay nasa gasolina, Kapatid na Branham.” Ngunit hindi mahalaga sa akin kung gaano man kalakas ang taglay ng gasolina; malibang may siklab doon upang ipamalas ang lakas na iyon, malibang may lakas doon upang patunayan iyon na nga’y gasolina, iyon ay marahil tubig lamang. Hanggang . . .

¹⁰³ Gaano man ang pag—aangkin ng mga teologo, gaano man na isaayos ang inyong iglesia, gaano mang karunungan naabot nyo, gaano man kahawig ng Biblia; hanggang ang inalog na Bigkis, hanggang sa lukuban ng Banal na Espiritu ang taong iyon upang buhayin ang Salitang iyon! Ang gasolina ay kumakatawan sa Salita. Ito’y ang Katotohanan; ngunit, kung wala ang Espiritu, hindi Ito kikilos.

¹⁰⁴ Masyado nating binibigyang—diin ang Mechanics at walang anuman sa Dynamics. Ito’y nangangailangan ng pasiklab na Kapangyarihan ng Diyos, ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Jesus Cristo na nasa Iglesia, upang maipamalas at maisakatuparan na *Ito* nga ay gasolina. Maaaring nakalagay iyon sa isang lata ng gasolina; posibleng tubig pa rin iyon, kita n’yo. Ngunit ang tanging pagpapatunay nito, ay, ilagay itong Buhay na ito, at mapatunayan kung Ito nga ba ay gasolina o hindi.

¹⁰⁵ At kapag sinubukan mong ilagay ang Banal na Espiritu sa isang denominasyon, para mo na ring sinubukang . . . Maaaring

makakuha ka ng pagmumusa; sisirain mo ang iyong makina, sa pamamagitan ng pagkakapuno nito ng karbon.

¹⁰⁶ Ngunit, oh, ako'y labis na natutuwa na mayroong Lakas na sampung libong octane, ang Salita ng Diyos at ang Banal na Espiritu upang sindihan Ito, at upang buhayang muli ang Kapangyarihan ng Diyos sa buhay ng isang lalaki, o sa buhay ng isang babae, o sa loob ng isang iglesia. Iyon ang nagtulak sa Cadillac na iyon tungo sa malayong daan, sa ilalim ng pasiklab na Kapangyarihan ng Banal na Espiritu na bumalik at inialog sa mga tao noong araw ng Pentecotes, nagpapatunay na Siya ay siya ring kaphon, ngayon, at magpakailanman.

¹⁰⁷ Hayan noon ang unang Bigkis na nagbangon mula sa mga propeta, na Siyang Anak ng Diyos, ang Hari ng lahat ng mga propeta.

¹⁰⁸ Nagkaroon na ng mga simbahan, mga simbahan, mga nobya, mga nobya, mga simbahan, mga nobya, mga nobya.

¹⁰⁹ Subalit may Isang kailangang dumating! Aleluya! Kailangang may dumating na Isang tunay na Nobya! Kailangang may dumating na Isang hindi lamang Mechanics ang taglay, kundi pati na ang Dynamics Nito, na bumubuhay sa Iglesiang iyan, kumikilos sa Kapangyarihan ng Kaniyang muling pagkabuhay. Malibang marating natin ang lugar na iyon, malibang masumpungan natin ang lugar na iyon, anong buti ang magagawa ng pagpapakintab ng mga takip ng gulong? Anong magagawang buti ang maipabanat ang kaniyang mukha o isang trabaho ng pagpapaganda, kung wala namang Dynamics ito? Gaano man napatunayan ang mga Mechanics ay tama, kailangang may *Dynamics* pa rin upang paganahin Ito.

¹¹⁰ Iyan ang Kaniyang pinatunayan! Aleluya! Iyon ang pinatunayan ng Pasko ng Pagkabuhay. Hindi lamang Siya ang Salita, kundi Siya Mismo ang Diyos, ang Dynamics, na nasa Salita. Iyon ang gumawa sa katawan ni Jesus Cristo (malamig, matigas, at patay, sa libingan) na gumising patungo sa Buhay at nagbangon nang muli, at pinagulong ang bato palayo. "Ako Yaong namatay," talagang patay na maging ang araw ay nagsabing patay na Siya, ang buwan ay nagsabing patay na Siya, ang mga bituin ay nagsabing patay na Siya. Ang buong kalikasan ay nagsabing patay na Siya. At ngayon kailangang kilalanin ng buong sanglibutan na Siya'y muling nabuhay. Hindi lang Siya ang Mechanics, ang Salita ng Diyos, Siya rin ang Dynamics upang patunayan Ito.

¹¹¹ At gaya na Siya, bilang isang Nobyo, ang Nobya ay kailangang bumangon, 'pagkat Ito'y bahagi Niya. At Ito ay walang iba kundi ang manipestasyon ng katuparan ng lahat ng kapahayagan na ipinangusap ng lahat ng iba pa tungkol sa Nobya; maipamalas lamang Ito. Kung iyon ay gagawa ng isang bagay na kaiba sa Nobyo, hindi iyon ang Nobya. Sapagkat, Siya

ay laman ng Kaniyang laman, buto ng Kaniyang buto; Buhay ng Kaniyang Buhay, Kapangyarihan ng Kaniyang Kapangyarihan! Siya ay Siya! Gaya ng ang lalaki at babae ay iisa, at ang babae ay hinugot sa kaniyang tagiliran; Siya ang kumuha ng Espiritu, ang pambabaeng Espiritu, mula sa Kaniya. Ang laman mula sa Kaniyang tagiliran, ang bumuo sa kapwang Mechanics at Dynamics, ang Asawa. Ang Espiritu Niya at ang laman Niya, at pagsamahin ito, at bumuo ng Mechanics at Dynamics. Hanggang sa ang iglesia o ang mga tao . . .

¹¹² Lahat ng mga kunehong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, at mga seremonya, at malalaking simbahan, at magagarang pananamit, ay mabibigo at maglalaho.

¹¹³ Hanggang sa ang Iglesia ay maging kapuwa Dynamics at Mechanics; at ang Espiritu ng Diyos, na nagpakilos sa Kaniya, upang gawin ang bagay na ginawa Niya! Kung ang tama Niya ay labing—anim na silindro, gayon din ang Nobya. Amen! Sapagkat sinabi Niya, sa Juan 14:12, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya. Kakargahan Ko siya ng Aking Dynamics, sa kaniyang Mechanics, na ang sanglibutan ay hindi ito makakayanan; at babangunin ko siya muli sa huling araw.” Iyan ang Mensahe ng Pasko ng Pagkabuhay, ang Dynamics at ang Mechanics, sabay! Ang Mechanics na walang Dynamics, ay walang halaga; gayon din naman ang Dynamics, na walang Mechanics.

¹¹⁴ Maaari kang tumili at sumigaw, at magtatalon—talon, hangga’t gusto mo, at itatangi ang Salitang ito, wala itong anumang magawang ikabubuti. Nag—iingay ka lang upang paandarin ang—ang piston ng . . . Mayroon ka ngang pampasiklab, ngunit wala namang gasolinang pasisiklabin.

¹¹⁵ Gagana lamang ito kapag nagsama ang mga ito. Amen! Kaya, ang isa ay titigil, at ang Isa’y tataas. Iyan lamang ang tanging bagay na mayroon ito. Bagama’t, maaring kapuwa silang magkahawig, kapuwang mag—angking sila’y mga iglesia, kapuwang mag—angking sila’y ang Nobya. Ngunit ang Isa ay may taglay na Mechanics at Dynamics, pinangyayari Nito, kung ano ang sinasabi Niyang Katotohanan.

¹¹⁶ Sadyang hindi ito kikilos, gaano man kagaling ang Mechanics, hanggang sa dumating ang Dynamics. Kapag dumating ang Dynamics, ang Apoy na iyon ay kukunekta sa octane na nasa gasolina. At kapag Iyon ay pumutok, ito’y magdadahilan ng pagniningas, at ang pagniningas na iyon ang magpagana sa bawat galaw, bawat kilos, sapagkat Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Iyan ang pagkabuhay na mag—uli. Iyan ang tunay na Kapangyarihan ng Diyos, ang Mechanics na may Dynamics. Pansinin, “Iyon ang Espiritu na nagbibigay buhay.” Ito’y ang—ito’y ang Siklab na

nagbibigay ng apoy. Ito’y hindi ang gas ang nagpapa—apoy; ang Siklab na iyon ang nagpapaningas sa gas. Kita n’yo?

117 “Wala kayong magagawa kung wala Ako; subalit sa pamamagitan Ko magagawa n’yo ang lahat ng mga bagay.” Yamang Siya ang Salita, ang Ama iyon na namumuhay. “Sinugo Ako ng Ama, kaya’t sinusugo Ko rin kayo. Yamang ang Ama ang nagsiklab sa akin at tinulak Ako sa lahat ng bagay, tanging ang nakalulugod sa Diyos lamang ang ginagawa Ko. Ngayon, kung paanong isinugo Niya Ako, gayon Ko rin naman kayo isinusugo taglay ang gayon ding Mechanics, at nangangailangan din ito ng gayon ding Dynamics upang paganahin Ito. At ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nag—aangking mayroong Mechanics. Ang Dynamics ay mapasa dako Nito.”

118 Ang sabi ni Pablo, “Ang Ebanghelyo ay dumating sa atin hindi lamang sa Salita,” sa pamamagitan lamang ng gasolina, “kundi sa pamamagitan din naman ng Siklab,” upang ito’y pakilusin. Hayan na kayo. Ito’y dumating sa atin na ganiyang paraan.

119 Ang Espiritu ring iyon, na nagbangon sa Kaniya, na bumuhay sa tunay na mananampalataya tungo sa Buhay na Walang Hanggan. Ngayon alalahanin, maaaring. . . Ngayon masdan, habang paubos na ang ating oras. Pansinin, “ang Espiritu ring iyon,” ngayon, Mga Taga Roma 8:1. Ngayon basahin lamang nating muli iyon, sa Mga Taga Roma 8:1, at ating titingnan kung ano ang sinasabi. Mabuti. At hindi sa Mga Taga Roma. . . ang ibig kong sabihin, 8:11, ipagpaumanhin n’yo.

120 Sa Mga Taga Roma 8:11, “Ngunit *kung* . . .” Hayan ang problema. Hayan ang Kaniyang panghuli.

Ngunit kung ang Espiritu niyaong (ang Diyos, na Banal na Espiritu) na bumuhay na mag—uli kay Jesus ay tumira sa inyo, . . .

121 Ngayon, hayan na kayo, “Kung ang Espiritu ng Nobyo ay nananahan sa Nobya!”

122 Nang likhain ng Diyos ang Kaniyang unang nobyo, una Niyang nilikha ang nobyo, at kapuwa siya lalaki at babae, sa espiritu; inanyuan siya ng alabok ng lupa, upang gawin siyang materyal. At pansinin nang likhain Niya si Eva, mula kay Adam, hindi na Siya kumuha ng iba pang piraso ng luwad, kinuha Niya mula sa pirasong luwad ding iyon; sa iisang Salita, sapagkat si Adam ay isang binigkas na Salita. Kita n’yo? Kinuha Niya mula sa kaniya, at pagkatapus ay kinuha. . . Mayroon siyang panglalaki at pang babaing Espiritu. At kinuha Niya ang pambabaing espiritu mula kay Adam, at inilagay kay Eva; kaya ito’y bahagi pa rin ng espiritu ni Adam, ito’y laman ni Adam. Kung gayon, iyon ay espiritu ni Adam, ang dynamics, na nagbigay—buhay sa mechanics ng kaniyang katawan.

123 Kaya nga ang Nobya ay dapat din laman ng Kaniyang laman, at buto ng Kaniyang buto. At kung ganun paano naging laman Niya ang katawang mortal na ito? Dadako tayo riyan sa isang sandali, kita n'yo. Paano ito nangyari? Paano? Ano ang dakilang pagbabagong ito? Pansinin.

Ngayon, kung ang Espiritu niyaong (Diyos) bumuhay na mag—uli kay Jesus ay tumira sa inyo, ang bumuhay na mag—uli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa inyo.

124 Oh, naku! Ang Isang predistinado, siyempre pa, katulad sa Binhing inilagay sa lupa, ang Isa na may Buhay sa kanila. Marami sa kanila ay patay na; sila'y mga bulok lamang na binhi; ang tubig at ang mga bagay—bagay ay sinunog sila. Ngunit, alam n'yo, may Binhing nakahimlay doon na nakalaan para sa Buhay. Alam ng Diyos na nakahimlay Iyon doon.

125 Ngayon, ang Mga Predistinado ang siyang unang buhayin ng maguli ng Banal na Espiritu, sapagkat ang Banal na Espiritu ay dumarating upang kunin Nito ang Kaniya. Ngayon, malalim na ito ngayon, at tiyakin na makuha ito nang lubos.

126 Ngayon, yamang ipinadala ang araw sa buong mundo, hindi upang dalhin ang mga bato, na lupa rin naman, sa buhay, hindi iyon upang dalhin ang lupa sa buhay, kundi upang buhayin ang bahagi ng lupa na bumabalot palibot sa isang buhay.

127 Hindi lahat ng tao ay tatanggap kay Cristo. Oh, hindi. Ngunit yaong mga itinalaga nang una pa ng Diyos sa Buhay, na napapaloob sa ilang dumi ng lupa, Iyon ang ipinunta Niya upang bigyang—buhay. Sila nga ang mga Iyon.

128 Iyan, ngayon, ang duming iyon ay mabibilad doon sa araw, at magsasabi, "Oh, napakainit ng araw na ito!" Ang batong iyon, nagsasabi, "Napakainit ng araw na ito!" Ngunit ang munting binhing iyon, ang sabi, "Iyan ang hinahanap ko," at magsimula itong sumibol sa buhay. Binuhay Nito ang bahaging iyon ng lupa. Sapagkat, ang araw ay isinugo hindi upang buhayin ang bato, hindi upang buhayin ang lupa, kundi upang bigyang—buhay ang buhay ng binhi.

129 Ngayon, ang Banal na Espiritu ay dumarating ngayon. Anupa't, hindi Ito isinugo... Bakit ayaw Itong tanggapin ng lahat ng tao? Hindi Ito isinugo sa kanila.

130 Isang lalaki ang nagsabi sa akin, "Hindi ako sumasampalataya. Hindi mahalaga sa akin kahit ano pa ang sasabihin mo. Kung nakabubuhay ka man ng patay, o anumang, at nakapagpapagaling ng maysakit; at mapatunayan pa Ito, sa anumang paraan; hindi pa rin ako sumasampalataya rito."

131 Ang sabi ko, “Tiyak na hindi. Isa kang di—mananampalataya. Wala Itong anumang kahulugan sa iyo. Ni hindi nga Ito isinugo sa iyo. Ito’y isinugo sa mga sasampalataya.”

132 Ang Mensahe ay para sa mananampalataya. Sa kanila na mga mapapahamak, Ito’y kamangmangan; ngunit sa kanila na mga nakay Cristo, at bahagi ng Binhing ito, Ito’y Buhay.

133 Ang munting kuwento kong magaspang tungkol sa magsasakang nagpalimlim ng itlog, o ng itlog ng agila sa isang inahing manok. Kita n’yo? Ang munting agilang iyon, ay talaga namang, siya ay—siya ay nakakatawang pagmasdan, munting nilalang. Nang gawin ng magsasaka ang bagay na iyon na kaniyang ginawa, ang ipalimlim ang itlog ng agilang ito sa inahing manok. At nagpisa siya ng munting kakatwang pagmasdan na manok, at siya—siya ay sadyang kakaiba, isang maliit na nilalang. Hindi siya kamukha nila. Ang kanyang balahibo ay hindi kahawig ng iba, at siya—siya ay sadyang. . . Siya ay isang kakaiba, munting nilalang. At nakilala siya ng lahat ng iba pang mga sisiw bilang isang kakatwang nilalang. At ang inahing ay gumala. . .

134 Maging ang pagkaing ipinapakain sa kaniya ay hindi nga niya magustuhan. Sadyang ayaw niya ang pagkakalahig ng bakuran. Siya, ayaw niyang makibahagi roon papanuman. Kaya nagtataka siya kung bakit dapat siyang kakaiba sa kapaligiran doon, kahit papaano. Kita n’yo? At wala siyang anumang natikman na. . . Kumain lang siya na sapat para lang siya mabuhay, sapagkat hindi niya gusto ang lasa nito, kita n’yo. Pagkat, hindi siya manok, sa pasimula pa lamang. Kita n’yo?

135 At ang—ang inahin ay nagpuputak, at, alam n’yo na, “Ang mga araw ng himala ay lumipas na. Walang ganiyang bagay. Umanib kayo sa iglesia.” Sadyang hindi ito tumugma, sa munting nilalang. Kaya’t sumunod siya sa paggala ng inahin hanggang isang araw ang kaniyang nanay. . .

136 Alam ng agila na nangitlog siya ng marami, at may isang nawawala. Alam niya na ang agilang iyon ay napadpad lang kung saan, kung kaya’t nagsimula siyang maghanap sa kaniya. At umikot siya sa tuktok ng kabundukan, at doon sa mga lambak, at kung saan siya maaaring mapapadpad. Sa panahong ito, siya, panahon na niya ito upang maisilang. Oras na para siya ay mapisa. Ang sabi, “Marahil ay may dumating na uwak at dinampot ang aking itlog; marahil isang buwitre. Hindi ko alam. May dumampot ng itlog ko. Ngunit alam ko. . . Ang itlog na iyon ay nasa isipan ko. Mayroon isang anak ko kung saan. Kailangang hanapin ko siya.”

137 Gayun din ang Diyos. Siya ang Dakilang Agilang iyon. Sa Kaniyang kaisipan alam Niyang magkakaroon Siya ng isang Iglesia. Alam Niya na mayroon Siyang mga tao. Kahit sino pa

ang umaruga sa kanila, kahit saan man sila mapisa, Siya ay naghahanap. Hinahanap Niya ang Sariling Kaniya.

¹³⁸ At isang araw, ayon sa kuwento, lumipad ang agilang ito sa itaas ng bakuran. Tumitingin siya sa lahat ng dako, at nakita niya siya. Oh, para sa pagkabuhay na muling iyon, upang makilala niya na hindi naman pala siya isang manok, kung tutuusin. Isa siyang agila! At lagi siyang tinuturuan noon na yumuko, maghanap ng insekto o anuman sa bakuran. Subalit nakarinig siya ng isang sigaw, na nagsabing, “Tumingala ka *rito!*” At tumitingin siya sa itaas niya, at naroon ang isang nilalang na may labing—apat na talampakang mga bagwis, mas malakas kaysa sa lahat ng mga manok sa bakuran, at inangkin siya bilang kaniyang anak.

Ang sabi niya, “Mama, paano ako makakarating sa iyo?”

¹³⁹ Ang sabi, “Lumundag ka lang, simulan mong ikampay ang iyong bagwis, sapagkat isa kang agila.”

¹⁴⁰ Kita n’yo, alam niyang may anak siya kung saan. Kahit saan pa man siya pinalaki, may anak siya kung saan.

¹⁴¹ At nalalaman ng Diyos! Aleluya! Mayroon Siyang predistinado, itinalaga nang una pa na Iglesia! Alam niyang may anak Siyang mga lalaki at mga babae, at isang Nobya, na naghihintay kung saan; kapag ang Banal na Espiritu ay nagsimula nang lumipad sa taas rito, ang aaluging Bigkis na iyon. Oh, naku! Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Hindi isang maalamat na kuwento, kundi isang katunayan!

¹⁴² Kahit gaano man karami ang magsubok na sabihin sa kaniya, “isang agila,” hindi niya alam kung ano nga ang isang agila. Gayon man, isa siyang agila. Hindi nya ito mauunawaan hanggang sa makilala niya ang bagay na kahalintulad niya, at iyon ay kahalintulad niya, mandin.

¹⁴³ At kapag ating makita, hindi isang denominasyon, hindi isang Ph.D., hindi ng isang LL.D., hindi ng isang mabuting kapitbahay; kundi ng isang anak ng Diyos na nahubog sa larawan ng Diyos, taglay ang malakas na kapangyarihan ng Diyos upang tugunan ang hamon ng araw na ito, na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man, walang sinumang inahing manok na makapipigil sa iyo. Hinahanap niya ang kaniyang Mama. Siya’y isang agila, sa pasimula pa lamang. Napagkakilala niya. Ang tunay na agilang ito ay nakakikilala sa tawag ng Salita ng Diyos. Bakit? Isa siyang agila. Isang agila sa isang agila! Ang Salita bago pa itatag ang sanglibutan, ang Salita sa Salita! Ang Salita, predistinado, sa Salitang naisulat para sa oras na ito. Napagtanto mo ang iyong posisyon. Hinahanap niya Ito.

144 Ganito kung gayon, ang makalupang katawang ito, ay binigyang buhay at inakay ng nagbibigay buhay na Banal na Espiritu sa pagtalima sa Salita ng Diyos.

145 Sa madalian. Nang nasain niyang malaman kung paano siyang makaparoon sa piling niya, tinuruan na siyang hindi niya iyon magagawa. “Hindi ka lalampas ng higit pa sa kaya mong italon.” Siya’y isang manok. Kita n’yo?

Ngunit ang sabi ng agilang ito, “Hindi totoo iyan.”

“Buweno, tingnan mo ang mga manok!”

146 “Kahit ano pa ang ang mga manok, ika’y isang agila. Basta simulan lamang ibuka ang mga bagwis na iyan, at makuha ng kaunting ensayo sa mga ito. Magsimulang paitaas!”

147 Ang Salita sa Salita! “Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin rin naman ninyo. Siya na sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa.” Kita n’yo? “Dahil ako’y nabubuhay, siya ay mabubuhay din naman.” “At kung ang Espiritu na bumuhay sa Kaniya mula sa mga patay ay nanahan sa inyo, Ito’y nagbibigay—buhay sa katawang—mamatay.” Kita n’yo?

148 Anong ginagawa Nito? Ngayon makinig, para malalaman n’yo. At ang Pasko ng Pagkabuhay na ito, nais kong magkaroon ng higit na kabuluhan ito sa inyo kaysa alinmang Pasko ng Pagkabuhay. Kita n’yo? Nais kong makita ninyo ito. Alam natin kung ano ang ginawa Nito para sa Kaniya; subalit nais kong makita ninyo ito, hindi maging, kundi ang gayon ding nagawa Nito para sa inyo. Kita n’yo? Anong ginagawa Nito? Binibigyang buhay Nito ang katawang mortal. Itong katawang mortal na kinabubuhayan nating ito, Ito ay binigyang buhay nito, sa ibang pananalita, ito’y nagbibigay ng Buhay.

149 Ngayon, kayo na dating nagpalakad—lakad na may malalaking tabako sa inyong bibig, at lahat na, o kaya’y pake—paketing sigarilyo; at kayong mga babae na dati maikli ang buhok, may pinta ang mukha, at lulong, at sumusuot ng syorts, at mga bagay na tulad niyan; sa isang bigla, May isang bagay na sumigaw, at tumingin kayo rito at Iyon ay ang Salita. Kita n’yo, binigyang—buhay Nito ang iyong. . .Sabi n’yo, “Wala ng syorts para sa akin, wala ng alak para sa akin, wala ng pagsisinungaling, wala ng pagnanakaw, wala ng *ganito*, at *ganoon*.” Kita n’yo? Ang Espiritu na nagbangon sa Kaniya mula sa mga patay, na tumatahan sa inyo, ay maghahatid din naman sa inyong mga katawang—mamamatay, ang alabok ng lupa, tungo sa pagpasakop. Nakikita n’yo? Ano ba ito? Pagpapasakop saan? Kay Cristo. Sino si Cristo? Ang Salita. Hindi ang teolihiya, kundi ang Salita!

150 Pagkatapos ay sasabihin mo, na, “Ang mga bagay na ito, oh, sa palagay ko’y ayos lang sa mga babae ang magsusuot ng pantalon.”

¹⁵¹ Samantalang, ang sabi ng Salita, “Hindi.” Kita n’yo, binubuhay ka Nito Roon. Kita n’yo? Ikaw ay inilalapit Doon. Kita n’yo, ikaw na iyon, kung gayon. Ito’y nagiging . . . Ikaw ay nagiging bahagi ng Salita. Dinala Nito ang inyong katawan, hindi . . .

¹⁵² Buweno, sasabihin mo, “Buweno, ngayon, hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay. Ang pastor ko . . .” Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinabi ng pastor mo; ito’y kung ano ang sinasabi ng Salita! Kung nais mong maging isang manok, magpatuloy ka sa kaniya. Ngunit kung ang pastor ay mangusap ng kaiba mula sa Salitang ito, kung gayon ay hindi siya tagapagpapakain ng mga agila; uh—huh, siya’y tagapagpapakain ng mga inahing manok, kita n’yo, hindi ng mga agila. Kita n’yo? Ang agila ay kumakain ng Pagkain ng agila. Kita n’yo? Ito’y nagbibigay buhay!

¹⁵³ Sinasabi ng Biblia na mali ang gawin iyan, at ang lalaki at iba pa at lahat ng iyong ginagawa, ito’y mali. Sinasabing, “Ang mga araw ng himala ay lumipas na.” Ang sabi ng Bibliang ito na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kung sinasabi nilang, “Iya’y mental telepathy. At ito’y isang uri ng pagbabasa ng kaisipan, ang pagkikilalang ito. At ang lahat na mga pangitain at mga bagay na ito, ay walang kabuluhan,” kita n’yo, sila ay mga manok. Hindi nila alam kung ano nga ba ang Pagkain ng agila.

¹⁵⁴ Subalit, kapatid na lalaki, kapag narinig mo ang sigaw na iyon, may kung Anong Bagay sa iyong kalooban! Ika’y isang agila, sa pasimula pa lamang. Bakit? Ikaw ang Binhing iyon, na sinilayan ng pagkabuhay muli ng A—n—a—k, at ang aaluging Bigkis sa ibabaw ng lupa, upang ipababatid sa iyo na ikaw ay isang agila at hindi isang makadenominyang manok. Nakikita mo ba ito? Hah!

¹⁵⁵ “Kung ang Espiritu na nagbangon sa Kaniya mula sa mga patay,” ang Salita, ang Dynamics ng Salita, “ay mananahan sa inyo, bubuhayin din Nito ang inyong katawang mortal.” Ngayon paano tayo naging laman ng Kaniyang laman at buto ng Kaniyang buto? Sapagkat, kaagad, habang tayo’y mga mortal na makasalanan pa, mortal, nalalapit ng mamatay, ang mga katawan ito, ay binigyang buhay Nito ang katawang iyon. Ano ang *binigyang—buhay?* “Dalhin sa Buhay.” Ang espiritu na mahilig dati uminom, palabuy—laboy, pangangalunya, at lahat ng mga ito, ito’y binigyang—buhay; bakit, patay na ang bagay na iyon, at nabuhay kang muli. Binigyang buhay Nito ang iyong katawang may kamatayan.

¹⁵⁶ Samakatuwid, ang inyong mga katawan ang templo ng Dynamics, sapagkat (bakit?) mula sa pasimula pa lang ay bahagi na kayo ng Mechanics. Oh! Hayan ang inyong muling pagkabuhay. Hayan ang Iglesia sa muling pagkabuhay, kasama

Niya. Ang mga katawang ito ngayon mismo ay binigyang buhay na. Kita n'yo, nakarinig kayo; sumasampalataya kayo. Binago kayo Nito mula sa isang denominasyon tungo sa Salita. Kita n'yo?

¹⁵⁷ Ang Dynamics, kung mapasa tubig Ito, pupugak lamang iyon; “Ang mga araw ng himala ay lumipas na.” Pomp—pomp—pomp, “Oh, naniniwala ako sa Biblia,” pomp—pomp—pomp, “ngunit walang—walang anumang...” Pomp—pomp—pomp! Kita n'yo?

¹⁵⁸ Ngunit kapag tatamaan niya ang isang libong octane, “Whrrrrr,” agad siya’y hahataw palayo, nakita n'yo. Papaano, naku, tinamaan Iyon ng Dynamics! Subalit kung ito ay tatama sa manok, wala itong buting idudulot. Subalit kapag ito ay tatama sa agila, lalabas agad ito. Amen! Ang Dynamics kalakip ng Mechanics! Nakikita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Iyon ay, kung totoong agila na siya, siya ay “makakaunawa.”

¹⁵⁹ Hayaang liwanagin ko ang isang munting Kasulatan dito para sa inyo. Palagay ko’y naputol na tayo sa telepono, ngunit naririto pa rin tayo. San Juan 5:24, ang sabi ni Jesus, “Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.” Ngayon tingnan, maglalakaad ako sa daan at basta ko na lang tatanggapin iyon ng letiral, kung ano Iyon, na walang espiritual na kaunawaan... Hindi Ito bibigyan ng anumang pakahulugan, bagkus ay sasabihin lamang kung ano ang pagkasabi Nito, kita n'yo, ang wastong salita roon, sa Greigo, sa orihinal, ganito ang pagkasabi, “Siyang nakaunawa ng Aking Salita.”

¹⁶⁰ Ngayon, upang patunayan na iyan nga ay tama. Maglalakad ako rito, at narito ang isang lasing na naglalakad sa kalsada, at hawak sa kamay ang asawa ng ibang lalaki, at nagmumura, at binabanggit ang Pangalan ng Diyos ng walang kabuluhan, at lahat ng iba pang tulad niyan. “Nagsasabi, narinig mo ba ang sinabi ng mangangal na iyon? Narinig mo ba?” “Oo, narinig ko Iyon!” Hindi iyon nangangahulugan na mayroon na siyang Buhay na Walang Hanggan. Kita n'yo? Kita n'yo?

“Siyang nakaunawa ng Aking Salita,” siya na isang agila!

¹⁶¹ “Ngayon, Kapatid na Branham, gusto ko pa ng ibang Kasulatan bukod diyan.”

¹⁶² O sige, “Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Sa iba’y hindi sila magsisisunod.”

¹⁶³ Katulad sa kaso ng *Kasal at Diborsiyo*, noong isang araw. Nang sabihin sa akin iyon ng Banal na Espiritu, pumarito ako na sabihin ito kung paano Niyang sinabi sa akin.

¹⁶⁴ May ilang babaeng ministro ang nagsabi sa akin ng matatalas, medyo pabulyaw na salita. Ang sabi niya, “Sa palagay ko’y kinukuha mo na ang lugar ng Diyos?”

Ang sabi ko, “Hindi po, ma’am.”

165 Ang sabi, “Bueno, sinabi mo sa kanila na ang mga kasalanan nila ay napatawad na.” Ang sabi, “Saan?” Ang sabi, “Tanging Diyos lang ang may kapangyarihan.” Kita n’yo, isa na namang Fariseo. Kita n’yo? . . . ? . . .

166 Ang sabi ko, “Nakita mo, para malaman mong, sinabi, ni Jesus kay Pedro at sa mga apostol, pagkatapos niyang matanggap ang kapahayagan kung Sino Siya.”

Ang sabi niya sa Kaniya, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos.”

167 Ang sabi Niya, “Pinagpala ka,” kita nyo, “anak ni Jonas; laman at dugo ay hindi Ito ipinahayag sa iyo, kundi ng Aking Ama na nasa Langit ang naghayag Nito. Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia; ang mga pintuan ng hades ay hindi makapanaig laban Dito. At ibinigay Ko sa iyo ang mga susi; anumang talian mo sa lupa, ay tatalian Ko sa langit; anumang kalagan mo sa lupa. . . .”

168 Iyan ang Makalangit na kapahayagan ng Salita na naging laman. Kung Ito’y laman nang araw na iyon sa pamamagitan ng Anak, ang Nobyo, Ito’y laman ngayon sa pamamagitan ng Nobya. Kita n’yo? “Kanino man mga kasalanan ang patawarin ninyo, ay ipinatatawad sa kanila; kanimo mang mga kasalanan ang hindi n’yo patawarin, ay hindi ipinatatawad sa kanila.”

169 Ngayon, kinuha iyan ng simbahang Katoliko at dinala iyon sa kanilang mga pari, subalit iyon ay karnal.

170 Masdan, ito ang espirituwal, nahayag na Salita ang may gawa niyon!

171 Iyan ang dahilan kaya inutusan Niya silang humayo’t magbautismo sa “Pangalan” ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Alam Niyang kilala nila kung Sino Siya.

172 Kausap ko ang isang munting mangangaral noong isang araw, sabi niya sa akin, sabi niya, “Ngayon, Kapatid na Branham, lumabas na ako at umanib, nagpunta sa *isang—ising* iglesia, isang iglesiang Pentecostal.”

173 Kung saan, ang Pentecostal ngayon ay nagsimula nang tumanggap ng osteya, alam n’yo na. Narinig n’yo na iyon, palagay ko; ang kosher, ang diyos na buwan, alam n’yo na. At tinanggap nilang lahat ito at kumakain nito. Ang sabi ng lalaking ito. . . Ang kaniyang—kaniyang kongregasyon ay lumapit sa kaniya; sabi niya, “Anumang pagpalain ko ay pinagpala.” Ngayon, hindi ba iyan ang sinasabi ng mga pari, siya “may kapangyarihang gawin muli itong katawan ni Cristo”? Kita n’yo, anim lamang iyon sa isa at kalahating dosena ng iba pa, pareho lang din.

174 At sabi niya, “Nais kong itanong sa iyo ang isang bagay.” Sinisikap niyang iwasan ang usaping iyon ng bautismo sa

Pangalan ni Jesus, sapagkat ang lalaking ito ang may sabi na ang—ang anticristo ang may gawa niyon. Sabi niya, “Sa palagay mo ba na mahalagang mabautismuhan ang isang tao sa Pangalan ni Jesus Cristo?”

Ang sabi ko, “Opo, ginoo.”

¹⁷⁵ Ang sabi niya, “Matapos na mabautismuhan siya sa pangalan ng ‘Ama, Anak, at ng Banal na Espiritu?’”

¹⁷⁶ Ang sabi ko, “Opo, ginoo. Hindi pa siya nabautismuhan, talaga. Kita n’yo? Hindi pa siya nabautismuhan, talaga; walang Pangalan. Iyon ay mga titulo.” Ang sabi ko, “Hindi iyan ikinilala.” Ang sabi ko, “Bakit ginawa—bakit ginawa ni Pedro. . .”

¹⁷⁷ Ang sabi niya, “Buweno, ngayon, sasabihin ko sa iyo ang isang bagay.” Ang sabi niya, “Ngayon sa Mga Gawa 10:49, sabi niya, ‘Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ang Banal na Espiritu ay bumaba sa kanila.’”

¹⁷⁸ “Subalit,” ang sabi ko, “bumaling siya kaagad at nagsabing, ‘Mangyayari bagang hadlangan ng sinuman ang tubig upang huwag mangabautismuhan ang mga ito?’”

¹⁷⁹ Ang sabi niya, “Buweno, nangusap ka roon, kani—kanina lamang, tungkol sa mga Gawa 19, kung saan si Pablo ay dumaan sa mga lupaing matataas ng Efeso, nakatagpo ang mga alagad na iyon.” Ang sabi, “Aba’y,” ang sabi, “hindi sila nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, at ng Banal na Espiritu.”

¹⁸⁰ Ang sabi ko, “Hindi, sila ay nabautismuhan ‘tungo sa pagsisi,’ hindi sa ikapagpapatawad ng kasalanan. ‘Tungo sa pagsisisi,’ pagkat si Jesus ay hindi pa naipakilala noon. Hindi pa napapasalang ang Handog.”

Ang sabi niya, “Buweno, bakit kailangang mabautismuhan silang muli?”

¹⁸¹ Ang sabi ko, “Ang lalaking may hawak ng mga susi, nagsabi ng ganito, ‘Pakatalastasin ninyo na walang ibang Pangalan sa silong ng Langit na ibinigay sa mga tao, na sukat ninyong ikaligtas.’”

¹⁸² Ang kaligtasan ay dumarating lamang sa Pangalan ni Jesus Cristo. “Anuman ang inyong ginagawa sa salita o sa gawa, gawin ninyo ang lahat ng ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.” Walang ibang pangalan, walang simbahan, walang pamunuan, walang mga titulo, o anumang iba pa! Gayunpaman, Siya ang Rosa ng Sharon, Lirio ng Lambak, Tala sa Umaga, Alpha, Omega, ang Pasimula at ang Wakas, Jehovah—Jireh, —rapha, —manasseh, lahat ng iyon. Siya ang lahat ng mga ito, ngunit gayunpaman Siya. . . Walang kaligtasan sa alinmang mga titulong iyon; *Jehovah*, walang kaligtasan; *Rosa ng Sharon*, bagama’t Siya nga iyon, walang kaligtasan; *Ama, Anak, o Espiritu Santo*, walang kaligtasan. Tanging ang Pangalan ni “Jesus Cristo!” At

pagkatapos sinabi ng Biblia, na, “Ang pagsisi at pagpapatawad ng kasalanan ay kailangang ipangaral sa Kaniyang Pangalan, mula sa Jerusalem, hanggang sa kadulu—duluhang bahagi ng sanglibutan.”

Ang sabi niya, “Sa palagay mo ba’y may pagkakaiba ito?”

¹⁸³ Ang sabi ko, “Ginoo, nais kong itanong sa iyo ang isang bagay.” Siya at Ako, at ang aking may bahay, ay nakaupo sa mesa. Kalilipat pa lang niya. Nakita ako, pumaroon. . . Ang sabi ko, “Kapuwa tayong taga—Arizona; dito tayo nakatira. At ako, at kilala natin ang ating sanggunian, at ang ating distrito, at lahat, at ang ating alkalde, gobernador, lahat na.”

Ang sabi niya, “Oo.”

¹⁸⁴ Ang sabi ko, “Ngayon, kung sasabihin ko sa iyo, lalaking kapatid, na, ‘Pumunta ka rito at pumirma para sa ating hapunan, sa pangalan ng Gobernador ng Estado ng Arizona,’ lalapit ka bang pipirmahan ito nang ganiyan? Sa palagay mo ba’y tatanggapin nila iyon doon sa pinagbabayaran?”

¹⁸⁵ “Aba’y,” ang sabi niya, “palagay ko’y hindi.” Ang sabi niya, “Bakit nagawang sabihin iyon ni Jesus?”

¹⁸⁶ Ang sabi ko, “Ito na nga iyon, kita mo. Bakit? Kung sasabihin ko sa iyong ‘pumirma ka para sa hapunang ito, sa pangalan ng Gobernador ng Estado ng Arizona,’ at tayo bilang mga mamamayan ng Arizona, at nakikilala kung sino ang Gobernador, aba’y, alam mong dapat itong pirmahan sa pangalan ni ‘Sam Goddard,’ kita mo.” Ang sabi ko, “Sapagkat, siya ang Gobernador ng estado. Hindi na kita kailangang tanungin. Kilala mo kung sino ang Gobernador. At, nang sabihin Niyang, ‘Ama, Anak, at ng Banal na Espiritu,’ alam Niya kung paano sila magbabautismo. Kilala nila kung Sino Siya. ‘Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig.’ Kita n’yo? Kita n’yo?”

Ang sabi niya, “Oh, nakikita ko na.”

¹⁸⁷ Ngunit ngayon, ang kasunod, sasampalataya ka ba? Kita n’yo? “Ang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Walang Hanggang Buhay.” At kapag ang bagong Buhay na Walang Hanggan na ito ay nananahan sa inyo, Ito ang potensiyal.

¹⁸⁸ Nang matanggap ninyo itong Banal na Espiritu ngayon, na natanggap nila noong araw ng Pentecostes; sila ang mechanics, ngayon ang Dynamics ay kailangang dumating. Sumasampalataya na sila. Alam n’yo, sinasabi sa atin ng butihin nating mga kaibigang Baptist na, “Kapag sumampalataya tayo, nasa atin na Iyon.” Subalit, wala pa sa kanila Iyon, samantalang sumampalataya na sila.

¹⁸⁹ Mga Gawa 19, sumasampalataya na sila, ngunit wala pa sa kanila Iyon. “Natanggap na ba ninyo ang Banal na Espiritu

simula nang kayo'y magsisampalataya?" Kita n'yo? Taglay na nila ang Mechanics, oo, sapagkat ang mga apostol. . . O, ang ibig kong sabihin, si Apolos ang nagturo sa kanila at pinatunayan sa pamamagitan ng Biblia, ang Mechanics, na si Jesus ang Cristo, subalit gayunman wala pa sa kanila ang Dynamics. Kita n'yo? Hayan na nga iyon. Mabuti.

¹⁹⁰ [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . —chanics, maaaring taglay mo na ang paunang bayad, ang paghihintay.

¹⁹¹ Ngayon, kapag nakuha mo na ang Dynamics, ikaw ay nabigyang—buhay na mula sa katawan na may kamatayan tungo sa katawan na walang kamatayan. Ipinapasakop Nito ang buong katawan sa Salita. Pakikilusin ka nito ng kaiba, kakaibang tingnan, kakaibang pamumuhay. Talagang gagawin ka Nitong kakaiba.

¹⁹² Ngayon tingnan. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] . . . nabigyang buhay. "Kayo na dating mga patay sa kasalanan at pagsalangsang, at kadiliman, ay binigyang buhay Niya." Sa pamamagitan ng ano? "Ng Kaniyang Espiritu na nagbangon kay Jesus," noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, "mula sa mga patay. At kung nananahan Ito sa inyong katawang may kamatayan," ngayon masdan, "bubuhayin din Nito, dadalhin sa Buhay, ipapasakop ito sa Salita."

¹⁹³ Ngayon, paano mong aangkinin na taglay mo na ang Espiritu, at inilalayo mo ang iyong sarili sa Salita? Ika'y binuhay ng ibang bagay. Sapagkat, magbibigay buhay Ito sa inyong mga katawan tungo sa Salita. Tiyak, gayon Iyon.

¹⁹⁴ Hindi ka makatatakbo na wala Ito. Pupugak ka lang, kung hindi mo sasampalatayan ang lahat ng Ito. Kung ang taglay mo ay bahagyang gasolina at bahagyang tubig, wala kang mararating na patutunguhan. Kita n'yo? Kailangang kunin mo itong isandaang porsiyentong, gasolina. Kung ayaw mo, pupugak—pugak ka, hindi ka magkakaroon ng lakas. Kita n'yo? "Ngunit ako—ako ay sumasampalataya *rito*, subalit hindi ako sumasampalataya *Riyan*," pomp—pomp—pomp—pomp. Wala kang mararating na patutunguhan.

¹⁹⁵ Ngunit, oh, kapag tinanggap n'yo ang kabuuhan! Hayaang magliwanag ito riyan, bawat Salita ay Katotohanan!

¹⁹⁶ Pagkatapos ay pansinin ngayon, sa ating pagtatapos, pansinin ito. Pansinin, ito'y tulad lang sa isang munting—isang munting binhi na nakahimlay sa lupa.

¹⁹⁷ Ngayon, maaari na ring, nabuhay kang muli. Muli kang nabuhay nang tanggapin mo sa iyong kalooban ang Banal na Espiritu. Nabuhay ka nang muli sa sandaling iyon. Ang iyong katawan ay maaari na ring nabuhay na muli.

¹⁹⁸ Tingnan ang isang maliit na binhi. Itanim ito sa lupa. Kailangan nitong uminom sa Kaniyang bukal, ang tubig na

bumubuhos. At habang ito'y umiinom, ito'y tumutulak paitaas tungo sa Kaniya, nagiging higit na kamukha ng binhi na naibaon sa lupa. Kita n'yo?

¹⁹⁹ Dumating ang Iglesia sa ganiyang paraan, sa pamamagitan ng pag-aaring ganap, pagbabanal, bautismo ng Banal na Espiritu, ngayon ay nasa pamumukadkad. Kita n'yo? Ang Espiritu ng Diyos ay dumating sa pamamagitan niyan.

²⁰⁰ At ang espiritu ng sanglibutan ay dumating sa pamamagitan ng anticristo, sa gayon ding paraan, at ngayon ay namumukadkad sa isang malakihang pagsama—sama ng mga iglesia, kita n'yo, ang kabuuan.

²⁰¹ At ang indibidwal ay dumarating sa gayong paraan. Ang lahat ng bagay ay gumagawa ng gayon din, sa iisang sukatan ng Diyos, 'pagkat Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pansinin, sa inyong, na lumalago tungo sa kapuspusan ng pagkabuhay na muli, pinangungunahan ng Espiritu!

²⁰² Habang ang araw, a—r—a—w, ay humahatak sa munting halamang iyon na umiinom sa bukal ng Diyos, patuloy lamang. . . Kita n'yo, makakainom lamang ito mula sa isang bagay. Buhusan mo ng langis minsan ang munting binhing iyon; pinapatay mo iyon. Tama iyan. Buhusan mo iyon ng mabantot na tubig, lumang tubig na hindi makabubuti, ito'y narurumahan, ito'y pipigil sa paglaki. Hindi iyon mamumunga. Tama ba iyon? Ngunit buhusan mo ng tunay na malinis at sariwang tubig—ulan, amen, na walang kemikal na gawa ng tao, hayaang magmula iyon sa sangkalangitan, at masdan ang munting halamang iyon. Walang tubig na makapagpapalaki kagaya ng tubig—ulan na iyan. Lagyan mo ng chlorine at iba pang bagay ito, tulad sa sinusubukang ipinaaiinom sa atin, at, ang unang bagay na iyong malalaman, pinapatay nito ang halaman.

²⁰³ Iyan ang kung ano ang nagaganap ngayon. Sinusubukan nilang painumin sila ng tubig mula sa makadenominasyong bukal, at ito ay pumipigil sa paglaki. Kita n'yo? Subalit hayaan mong magkaroon siya ng. . .

Mula kung sa'n ang hamog ng biyaya'y
maliwanag;
Palibutan Mo ako ng sikat sa gabi at araw,
Si Jesus, ang ilaw ng daigdig.

Kung gayon natanggap mo na ito, pagkatapos.

Tayo'y lalakad sa Liwanag, iyang magandang
Liwanag,
Nagmumula kung saan ang mga patak ng
hamog nga habag ay maliwanag;
Sikatan lamang ang aking paligid.

204 Ilayo sa akin ang mga bukal na ito na gawa ng tao! Wala na akong alam na iba pang bukal; wala na maliban sa Dugo ni Jesus! Iyon and lahat na Bukal na nais kong malaman. Hayaang manahan sa akin ang Salita, Panginoon; diligan Ito ng Iyong Espiritu.

205 Pansinin, ngayon, kung ang Espiritung iyon na nagbangon kay Jesus mula sa libingan, ay nananahan sa inyo, mayroon ka nang taglay na Buhay; pinangungunahan ng Espiritu, upang bigyang buhay ang Salita sa iyo, upang sampalatayanan Ito. Ang munting bagay na patuloy na tumutulak paitaas habang ito ay lumalaki.

206 Pansinin, sa Pentecostes, binigyang buhay ang kanilang mga katawan tungo sa isang bagong Buhay. Tingnan ang isang buntong ng mga munting duwag.

207 Labis ko na ba kayong pinatatagal? (Sumagot ang kongregasyon, “Hindi.”—Pat.) Tingnan, ngayon pa lang ako uminit, hayan na nga, kaybuti ng pakiramdam. Oh, naku!

208 Pansinin, dati silang mga duwag. Pansinin. Subalit, taglay na nila ang Mechanics. Kita n’yo? Ngunit lahat sila’y nakaupo roon sa likurang bahagi, na nagsasabing, “Oh, ako’y natatakot sa kanila. Oh, natatakot akong lumabas at gumawa ng pag—aangkin, ‘pagkat, oh, silang lahat ng mga mahuhusay na obispo at iba pa doon. Oh, natatakot ako na. Silang mga pari at ganung mga bagay, natatakot akong gumawa ng ganoong pag—aangkin, natatakot akong sabihin na sumasampalataya ako sa Kaniya. Oh, sadyang hindi ko magagawa iyan, nakita n’yo.”

209 Subalit, bigla na lang, dumating ang Dynamics. Opo. At anong ginawa Nito? Hindi lang Nito pinuspos ang kanilang espiritu, sa kalooban, subalit binigyang buhay Nito ang kanilang mechanics. Ang kanilang katawan ay binuhay. Hindi na sila mga duwag. Lumabas sila sa harap mismo ng mga tao. Opo, ginoo. “Kayong mga lalaking taga—Judea, at kayong mga naninirahan sa Jerusalem!” Kung saan, bago dumating ang Dynamics, mga mechanics pa lamang sila. Kita n’yo? “Kayong mga naninirahan sa Jerusalem, manga—alaman nawa ninyo ito, at makinig kayo sa aking mga salita! Ang mga ito ay hindi mga lasing, gaya ng inyong inaakala.”

210 Isa ako sa kanila. *Ito* na iyon! Ipapakita ko sa inyo kung ano nga ito. Ito’y ang Kasulatan. *Ito* na Iyon! At lagi kong sinasabi, “Kung hindi pa *ito* Iyon, hayaang itago ko *ito* hanggang sa dumating Iyon.”

211 “Hindi, ito Yaong sinabi sa pamamagitan ng propetang Joel, ‘at mangyayari ito sa mga huling araw, sabi ng Diyos, ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman.’” Kita n’yo, ang Dynamics ay dumating sa mechanics. Hindi na sila kailanman takot.

²¹² Ilan sa inyo ang natatakot na pagtawanan kayo ng ilang mga babae dahil sa buhok na mahaba, o dahil tumigil na kayong mag pintura sa mukha; ilan sa inyong mga kalalakihan ang natatakot na kayo'y pagtabuyan sa inyong organisasyon kapag binautismuhan n'yo ang inyong kongregasyon sa bautismong ayon sa Kasulatan; kailangan n'yong magkulong sa silid sa itaas hanggang sa dumating ang Dynamics. Tama iyan.

²¹³ Binago sila Nito. Binigyang Buhay sila Nito. Ginawa silang kakaiba Nito. Naging mga binagong mga tao na sila, mula noon. Binigyang buhay sila Nito, mula sa dating buhay na duwag, tungo sa pagiging katulad ng Leon ng angkan ni Juda. Lubusang nilang hinarap ang pagkamartir, pinako sa mga krus, pinakong patiwarik, sinunog, itinapon sa yungib ng mga leon. Wala nang matatakutin, sa kanila. Lubusang nawalan ng tagumpay ang kamatayan sa kanila, wala na. Ang Dynamics ay nasa mechanics na. Opo, ginoo. Binigyang buhay Nito ang kanilang mga katawang—mamamatay.

²¹⁴ Makinig ngayon. Heto pa ang isang bagay, bilang katunayan. Labis silang binigyang buhay Nito hanggang sa (alam n'yo ba kung ano?) sila'y naiangat sa Sangkalangitan, at ang kanilang mga katawang—mamamatay ay labis na nabigyang buhay hanggang sa mag—iba ang kanilang wika. Tanging ito... Binigyang buhay Nito ang kanilang wika. Iyan ang kung anong sinabi ng Biblia. At, dahil ang kanilang mga katawang—mamamatay ay binigyang buhay, ang kanilang wika ay binigyang buhay din. Ang kanilang kaisipan ay binigyang buhay. Ang kanilang espiritu ay binigyang buhay. Ang kanilang buhay ay binigyang buhay. Sila'y binigyang buhay, nang lubusan! Sinubukan nilang magsalita, at hindi na sila makapagsalita ng wikang pantao. Labis silang nabigyang buhay sa Presensiya ng Diyos hanggang sa sila ay makapagsalita ng bagong wika, isang Makalangit na wika. Whew! Napakadakilang Kapangyarihan na nagbibigay buhay!

²¹⁵ “Kung ang Espiritu na bumangon kay Jesus mula sa mga patay ay nananahan sa inyo,” oh, aleluya, “bibigyang buhay Nito ang inyong katawang—mamamatay.” Ipagagawa Nito sa inyo ang mga bagay na hindi n'yo dating ginagawa. Puspos sila ng Kapangyarihang nagbibigay buhay noon. Kita n'yo?

²¹⁶ Ang inyong katawan ay wala na sa ilalim ng kasalanan; kayo, ang inyong mga pagnanasa.

Ang sabi niya, “Lumabas ka na rito!”

Sasabihin mo, “Itikom mo ang iyong bibig.”

“Oh, kaming may pinakamalaking. . .”

“Itikom mo ang iyong bibig.” Aba, isa kang agila!

²¹⁷ Nakita n'yo na ba kung gaano ka independiyente kung maglakad ang isang agila? Hindi siya lumulukso tulad ng isang

buwitre, kita n'yo, sa bawat patay, at lahat ng bulok na hayop na nakalatag sa lupa. Hindi po, ginoo. Marangal siya lumakad.

“Itikom ang iyong bibig.”

“Oh, narito ang isang masarap na hapunan sa banda *rito*.”

218 “Hindi sa akin. Kita mo, ang mga pagnanasa ko’y nabago na. Ang panlasa ko ay iba na. ‘Dahil ang tao ay nabubuhay hindi sa bangkay ng sanglibutan lamang, kundi sa bawat Salita na namumutawi sa bibig ng Diyos.’” Ang isang tunay na binigyang buhay na agila ay nabubuhay sa pamamagitan Niyaon. Amen!

219 Oh, at Siya na nagbangon kay Cristo mula sa mga patay, na nananahan sa inyo, ay nagbigay buhay sa inyong katawang—mamamatay tungo sa Kaniyang Presensiya. Napagkilala mo Ito. Hindi ka na isang kumakain ng nabubulok. Isa kang agila. Ayaw mo na ng mga bagay ng sanglibutan. Kayo’y mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Kayo’y nagpipista sa isang Bukal na lingid sa kaalaman ng sanglibutan. Iniinom n’yo Ito. May nakaalam. . . Walang anumang alam ang sanglibutan tungkol dito. Kayo’y kumakain ng natatagong Mana na hindi kailanman nalalaman ng sanglibutan ang tungkol Dito, sapagkat kayo’y agila. Kayo’y binigyang buhay paitaas kung saan magagawa ninyong abutin Iyon. Hindi n’yo Iyon maabot *dito* sa ibaba, kailangan n’yong maiangat *dito*. Kailangang mabigyang buhay kayo, maiangat doon sa itaas, upang Ito’y mabigyang buhay.

220 Ano ang ginawa nila? Sila’y nagsasalita ng ibang wika. Sinabi ng Biblia na ginawa nila. “Nagsalita sila sa bawat wikang nasa silong ng Langit.”

221 Naiisip n’yo ba iyon, silang mga katawang—mamamatay iyon na naroroon, nagsasabi, “Buweno, hindi ko na alam ngayon kung maniniwala ako *rito* o hindi”?

222 Bigla na lang, labis silang nabigyang buhay hanggang sa ang katapangan ng Leon ng angkan ni Juda ay lumukob sa kanila, sa itaas niyaong aalugiang Bigkis. Oh, ang Agilang iyon ay dumating upang tawagin ang Sariling Kaniya! “At hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan.” Amen.

At maraming iba pa ang mag—aalay ng
kanilang buhay

Para sa Ebanghelyo ng Banal na Espiritu at sa
bumahang pulang Dugo Nito.

223 At ang Anak ay kinakailangang—kailangang maihayag na muli, sa Nobya sa huling araw; ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay kailangang dumating, bibigyang buhay sila palabas nitong mga patay na denominasyon at mga kredito, tungo sa isang buhay na Salita ng buhay na Diyos. Oh!

224 Hindi, binigyang buhay sila nito tungo sa bagong Buhay. Ganito rin ang ginagawa nito sa atin ngayon. Pansinin, noon,

labis silang nagigising sa Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay! Ngayon ako. . .

Makinig ng mabuti ngayon. Sinisikap kong ipakita sa inyo.

225 Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay hindi lamang sa kaluluwa nila, kundi lumukob Ito sa katauhan nila. Ito. . . Hindi lamang lumukob ang Dynamics, upang magbigay buhay, kundi binigyang buhay Nito ang mechanics. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Lubos silang nabigyang buhay hangang sa ang mga dila nila ay magsimulang magsalita sa ibang wika. Lubos silang nabigyang buhay ng Kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Cristo, hanggang sa ipinatong nila ang kanilang kamay. . . Lubos silang nabuhay ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, hanggang, sa nang ipatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y nagsigaling. "Binigyang buhay nito ang inyong katawang—mamamatay." Sila'y gumaling, sa pagpatong ng kanilang kamay.

226 At binigyang buhay ng Espiritu ang kanilang sama samang pagtitipon sa Diyos, hanggang sa lubos na rin silang nabigyang buhay sa Presensiya ng Diyos hanggang, kapag may taong namatay at ang kanilang kaluluwa ay yumao na, tinawag sila Nitong pabalik sa buhay. Amen! Luwalhati! Napaka—relihiyoso ng pakiramdam ko ngayon.

227 Tama iyon, binigyang buhay! Hindi lamang sa Kaniyang sarili ang kaniyang muling pagkabuhay, kundi para sa sinomang may gusto, sa predestinadong Binhi na ito na nakahimlay doon. Binubuhay, binibigyang buhay ang katawang—mamamatay!

228 Ipinatong ang kanilang mga kamay sa maysakit; sila'y nagsigaling. Nananalangin sila; sa Espiritu nangakakita sila ng pangitain, tinawag ang mga patay pabalik sa buhay. Tama iyan. "Binigyang buhay ang kanilang katawang—mamamatay."

229 Kapag lumukob ito sa iyo; kung magkagayon. . . Ngayon, masasabi mong gayon na nga; ngunit kung gayon nga, ang mga tandang ito ay lalakip diyan, kita n'yo. "Binibigyang buhay nito ang inyong katawang—mamamatay." Kayo'y bibigyang buhay nito.

230 Ngayon, pansinin, nagbibigay buhay sa Presensiya ng Diyos. Bakit? Iyan ay ang Espiritu ng Diyos na nagbangon kay Jesus mula sa libingan. At, ang Espiritu ng Diyos, "Ibinibigay ko sa kanila ang buhay na Walang Hanggan," mula sa salitang Griego kung titingnan nyo, Zoe, na nagpapakilos Nito sa loob nyo pagkatapos ay nagbigay buhay (sa kanila) maging sa kanilang kaisipan.

231 Ngayon pagmasdan. Paano mo masasabi na na ang Espiritung iyon ay nanahan sa iyo? Bagama't nagawa mo na ang lahat na inisip mong tama, narito ang iyong katunayan kung taglay mo Ito o hindi. Kung ang Espiritu na na kay Kristo ay nasa iyo, binibigyang buhay ka rin naman Nito patungo sa Salita,

dahil Siya ang Salita. At kung, sa kabaliktaran, binibigyang buhay ka nito palayo sa Salita, kung gayo'y hindi ito Espiritu ni Cristo! . . . anuman ang iyong ginawa, malibang ikilos ka Nito sa Salita. "Dinidinig ng aking tupa ang Aking Tinig, at sila'y nabubuhay sa bawat Salita," bawat Salita! Nangusap na ako tunglo diyan noong isang araw.

²³² Ang sarili kong ina, siya'y pumanaw na ngayon, at siya'y isang totoong kakaibang babae. At gano'n nga siya, alam n'yo na, isang mestisang Indian, at siya ay kakatwa. Ngunit sa kalagayang yaon siya ay isang taong hindi mapanaginipin. Ngunit sa palagay ko'y hindi . . . Nagkaroon lamang siya ng apat o limang panaginip, sa buong buhay niya. Ngunit sa tuwing makapanaginip siya ng panaginip, ito ay nagkakatotoo. Siya'y nanaginip, at ito'y nagkakatotoo.

²³³ Naalaala ko minsan nang ako'y nagsimulang mangangaral, maraming taon na ang nagdaan. Naninirahan kami sa daang ito mismo, sa bandang unahan lang nito. Nangangaral ako noon sa simbahang ito mismo. At nanaginip siya ng isang panaginip, na ako raw ay nakatayo rito sa tabi ng tatlong baitang na hagdanan. At nakatayo ako, nangangaral sa lahat, na kailangan nilang akyat in ang tatlong baitang bago nila maabot ang daang-bayan. At sa daang-bayang iyon ay may munting mala-perlas na puting linya, na umabot hanggang sa-sa-sa mga pintuan ng Langit, tungo sa pintuang perlas. At ang perlas na ito ay nakalatag hanggang sa ibabaw ng mga baitang na ito. Kung hindi ba namang ganiyan ang aking Mensahe sa araw na ito; ang pag-aaring ganap, pagbabanal, ang bautismo ng Banal na Espiritu! At sinasabi ko raw na kanakailangang dumaan ang tao sa tatlong baitang na iyon, upang siya'y makakalakad sa daang-bayang iyon. At sinabi pa na . . .

²³⁴ May isang babaing dumaan. Ngayon, alam n'yo ang klase ng mga sapatos na sinusuot ng mga tao tatlumpu't limang taon na ang nakalipas. May isang babaing dumaan, na nakasuot ng malalaking pares na tulad ng sinusuot nila ngayon, mga sapatos na may matutulis na takong. At siya'y dumaraan. At ang sabi ko, "Sandali lang, kapatid na babae. Hindi ka maaaring lumakad sa daang-bayang iyon nang nakaganiyan." At ang sabi ko pa, "Ikaw-ikaw, hindi mo magagawa iyan."

²³⁵ At ang sabi niya. "Ah!" Ang sabi niya, tumingin siya sa iba pang mga babae na nasa paligid, nagsabi, "Huwag siya paniwalaan. Isa siyang lalaking baliw. Kita n'yo? Huwag siyang paniwalaan. Ipakikita ko sa inyong maaari akong ariing-ganap, pakabanalin, at napuspos ng Banal na Espiritu, at makalakad pa rin diyan." At siya. . . Hinayaan ko na lang siya magdaan. Wala nang magawa para dito, hindi siya mapipigilan. At tumalon patungo sa daang-bayan. At lumingon siya sa kapatid na babae, nagsabi, "Kita mo, sinabi ko na sa iyo!" Nagsimula siyang magtatakbo roon, at siya. . .

²³⁶ Alam n'yo, tulad ng sabi ng Biblia, sa Isaias, ika—5 kabanata, na magkaroon sila ng mga “binanat na mga leeg.” Kailangan nilang magkagayon; sila’y nakaliyad, kita n'yo. “Nagsisikendeng habang...” Kailangan nilang, kailangang kumembot, “Nagsisikendeng habang nagsisiyaon, at nagpapatunog ng kanilang mga takong; kita n'yo, ang mga anak na babae ng Sion sa huling araw.”

²³⁷ At nagsimula siyang magtatakbo roon sa daang—bayan, sa abot ng kaniyang maitatakbo. At, maya—maya, ang daan ay kumitid nang kumitid. At nagsimula siyang magpasuray—suray, pakendeng—kendeng nang *ganoon*, at siya’y palayong nahulog.

²³⁸ At sinabi ng aking ina, “Ang pinaka—nakakikilabot na mga hiyaw na aking narinig sa buong buhay ko, ay yaong sa babaing iyon na nahuhulog sa mga apoy at usok, pabulusok, pababa tulad niyan.” Sinabi, ako ay “luminging sa paligid at nagsabing, ‘Kita n'yo?’”

²³⁹ Sinunod niya ang lahat liban sa isang Salita, kita n'yo, lahat maliban sa isang Salita. Oo nga, ang mga kababaihang Pentecostal ay maaring maligtas, naipabanal, at mapuspos ng Banal na Espiritu, at pagkatapos mabigo. Walang pasubali. “Hindi lang sa tinapay mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas.” Kita n'yo? Kita n'yo? At dito siya nabigo. At katulad ng sinabi ko, kita n'yo, maaring nakapasok sana siya, mabuti, ngunit, kita n'yo, hindi siya nakinig; sinabi na sa kaniya kung ano ang nasa unahan. At isinulat Niya ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng mga alagad, mga apostol, at Doktrina ng mga apostol at mga propeta, at iba pa, at ayaw nilang makinig.

²⁴⁰ Ngayon pansinin ang Kapangyarihang ito na nagbibigay buhay, *Zoe*, na naghahatid ng Salita, ang pag—iisip na nakay Cristo ay napasainyo na kung gayon. Sinisikap kong ipakita sa inyo, na, kayo, nang kayo’y ibinangon. Nang ibangon ng Diyos si Jesus mula sa mga patay, ibinangon Niya kayo, din. At binigyang—buhay din naman tungo sa Buhay, kasama Niya, kayo gayo’y binigyang—buhay na tungo sa Buhay, bagama’t noon kayo ay katangian lamang na nasa Kaniyang kaisipan, ngunit nakita ang Diyos ang lahat ng Kaniya, ang katapusan, kita n'yo. Nang tuminging ang Diyos sa katawang. . .

²⁴¹ Iniwan Siya ng Espiritu, sa Hardin ng Getsemane. Kinakailangan Niyang mamatay, isang tao. Alalahanin, mga kaibigan, hindi Niya kailangang gawin iyon. Iyon ay Diyos. Pinahiran ng Diyos ang lamang iyon, na siyang laman ng tao. At hindi Niya. . . Kung Siya’y pumanhik doon, bilang Diyos, hindi kailanman Siya namatay nang ganoong uri ng kamatayan; hindi maaring patayin ang Diyos. Gayunma’y hindi Niya kailangang gawin iyon.

²⁴² Ngunit, alalahanin, nasa Kaniya kayo nang Siya’y magtungo roon. Kita n'yo, hindi pa hinihiwalay ng Diyos ang Nobya mula

sa Nobyo, kailan man. Kung kaya't nang tumingin ang Diyos sa katawan ni Cristo, nakita Niya kapuwa ang lalaki at babae. Ang lahat nito ay natubos sa iisang katawan na iyon. Kita n'yo? Iisa sila, pareho, iisang Salita. Ang iisang Salita, na nangusap sa Nobyo, nangungusap sa Nobya.

²⁴³ Buweno, paanong makaparito ang Nobya, at pagkatapos ay mabigong maipamalas lahat ng Kaniyang ipinangako; at pagparito ng Nobyo, hindi бага Siya magiging ang Nobya? Ngunit nang gawin Niya ang lahat, maging hanggang patunayan Niya ito sa pamamagitan ng pagbangon ng Kaniyang Sarili mula sa mga patay, pagkatapos, hindi бага kailangang gawing ng—ng Nobya ang gayon ding bagay, kailangan Niyang maging ganap sa kung ano ang sinabi ng Salita sa huling mga araw? Hindi ba kailangang magbalik siya sa pamamagitan ng Malakias 4? Hindi ba Siya kailangang maihayag gaya sa mga kaarawan ng Sodoma? Hindi ba kailangan maging ganap na ganito ang sanlibutan? hindi ba't ang mga bagay na ito ay isang sakdal na pagpapakilala ng Salita ng Diyos na inihayag sa atin?

²⁴⁴ Buweno, mga kaibigan, alam kong pinagtatagal ko na kayo nang husto, labing limang minuto pa bago ang hapunan, ngunit marahil ay matatapos na ako pagsapit niyon. Ngunit pansinin, tumingin rito, napakasadal nito. Hindi ko alam kung kailan ko kayo muling makikita. Kita n'yo?

²⁴⁵ Tingnan, pansinin ito. Ngunit nakita na ng Diyos noon pa man ang Nobya sa Nobyo. Aleluiya! Kita n'yo, upang iligtas ang Kaniyang Asawang babae, katulad ni Adan, kailangan Niyang samahan Siya. Alam ni Adan noon ang kaniyang ginagawa; Hindi alam ni Eba ang kanyang ginagawa, subalit sumama si Adan sa pagtalikod kasama ng kanyang asawa. Kita n'yo? At humalili si Jesus sa Kaniyang Asawa at naging kasalanan para sa Kaniya. Tandaan, Siya ay naging kayo, tumayo Siya sa inyong kaparusahan, upang kayo ay makatayo sa Kaniyang lugar. Siya ay tumayo sa inyong lugar, upang kayo ay makatayo sa Kaniyang lugar. Napakadakilang pag—ibig! Napakadakilang pakikisama! Paano natin maikakaila ito? Paano natin magagawa ang anuman malibang ibigin Siya, kaibigan? Maaari akong magtagal dito ng maraming oras, ngunit tayo'y sumulong pa nang kaunti.

²⁴⁶ Katulad ng karanasang pentecostal sa araw na ito, at ang pagdating ng Banal na Espiritu sa huling araw, na naipangako, katulad ng buod ng isang titulo. Kita n'yo?

²⁴⁷ Ngayon, maaari kang makakuha ng titulo. Tiyak. Kita n'yo? Maaari kang makakuha ng titulo sa isang lugar, subalit hindi pa rin iyon nangangahulugang sa iyo na iyon. Hindi po, ginoo. May kung sino malaon na ang maaring dumating at umangkin nito. Ngunit kapag makuha mo ang buod, na ipinapakita nito na ang lahat na maaring umangkin dito ay binura na, buhat pa sa pinakasimula nito. Tama ba iyon?

²⁴⁸ At kapag sinabi ng isang tao na sumasampalataya siya sa Salita, at pagkatapos ay dumating ang Banal na Espiritu, Ito ang buod sa titulo. At iyon ang nagpapahintulot sa iyo, kapag taglay mo ang buod na iyon, na iyong pag—aari ang bawat bahagi nito, at lahat na naroroon ay iyong pag—aari. Amen! At iyan ang nagbigay sa atin ng buod, kapag ang Banal na Espiritu ay dumating sa titulong itobuodna nakita na ng Diyos noon pa man bago maitatag ang sanglibutan, at inilagay ang pangalan nito sa Aklat ng Buhay; ngunit ipinanganak sa pamamagitan ng lalaki at babae, at nasakop ng kasalanan, at nagkasala. Ngunit nang sampalatayanan ko Ito, tinanggap ko ang titulo; subalit nang dumating ang Banal na Espiritu, Ito ang buod na ang lahat na laban sa akin, maging ang nanay ko man ang may gawa nito, ang tatay ko man ang may gawa nito, ang lola ko man ang may gawa nito . . .

²⁴⁹ Katulad ng munting, batang may sakit na laging—hinihimatay na maipanalangin ko, kani—kanina lamang, na nagmula pa sa mga lolo't lola niya. Ang sakit na laging—hinihimatay ay minana, at nasa bata, ang sinabi ko.

²⁵⁰ Ngunit ng dumating ang buod, binura, at inalis ang lahat. Ako'y may hawak nang buod kung gayon. Amen! At kasing tiyak ng Espiritu na magbangon kay Cristo mula sa mga patay, mayroon akong buod na titulo na ako'y bahagi ng Katawan iyon, taglay ang buod ng Banal na Espiritu na nagbubunsod sa katawang iyon ng Salita na mamuhay nang katulad na katulad ng ginawa Nito sa Kaniya, ayon sa ipinangako Niya sa huling araw. Ang Pinagmulan! Lahat ng aking mga kasalanan ay nabura na, lahat ng inyong mga kasalanan ay binura na, ng Dugo ni Jesus Cristo, at ang Banal na Espiritu ay dumating bilang isang buod sa titulo na ibinigay sa akin ng Diyos sa pamamagitan ng biyaya, sa pamamagitan ng paunang—kaalaman. Oh, naku!

²⁵¹ Anong ikinatatakot ninyo? Hindi kataka—takang sinabi Niya, “Huwag kang matakot; Ako Yaong namatay at muling nabuhay; at Ako'y nabubuhay magpakailanman; at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at hades.” Huwag kayong mag—alala sa anumang bagay. Maging ang kamatayan ay hindi makapananakit sa iyo. Pansinin. Napakaganda!

Bilisan natin ngayon.

²⁵² Ang buod na titulo! Ang pagkakautang ay nabayaran na. Lahat ng laban dito ay binura na. Ha—ha—ha! Luwalhati! Maaaring para bang isang hangal ako, ngunit maganda ang pakiramdam ko. Pansinin. Kita n'yo? Oh, isang buod na titulo, napagtanto n'yo ba kung ano ang ibig sabihin niyon? Napagtanto mo ba ang ibig sabihin niyon, lalaking kapatid? Walang makakaagaw nito sa iyo. Amen. Ako ang nagmamay—ari. Amen. Anong . . .

²⁵³ Anong kasulatan? Ako ngayo'y nakinabang na sa aking benepisyo, sa Kaniyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na muli. Siya'y naging ako, upang ako'y maging Siya. Ngayon, naging makasalanan Siya, upang ako'y maging isang anak, amen, at mahawakan ko ang buod na titulo. "Sapagkat ang mga tandang ito ay magsisilakip sa kanila na sumasampalataya," kita n'yo, ang pinagmulan na titulo!

Ngayon bilisan natin, bago... Mayroong pa tayong mga sampung minuto.

²⁵⁴ Pansinin natin ngayon, nang mabilisan, ang pagbibigay—buhay ng Espiritu. Ipakikita ko sa inyo ang ilang mga tanda upang inyong maunawaan. Tingnan, masdan ngayon kung ano, itong "Kapangyarihang nagbibigay buhay" ay aking paksa. Matapos na magbangon ang Anak, tingnan kung ano ang ginawa Nito sa kanila noong Pentecostes, kung ano ang ginawa Nito sa kanila, kung ano ang ginawa ng Kapangyarihang nagbibigay buhay na iyon sa kanila. Binuhay sila Nito.

²⁵⁵ Ngayon pansinin natin kung ano ang ginawa Nito kay Esteban. Si Esteban ay puspos ng Kapangyarihang nagbibigay buhay. Hindi ba tama iyon? Kita n'yo, siya ay puspos ng Kapangyarihang nagbibigay buhay. Dahil dito hindi siya natakot. Sinabi niya, "Kayong matitigas ang leeg at mga 'di tuli ang puso at tainga, palagi n'yong sinasalangang ang Banal na Espiritu; tulad ng ginawa ng inyong mga magulang, gayon din ang ginagawa ninyo. Alin ba sa mga propeta na nagpakita ng pagdating ng Isang Matuwid, ang hindi binato ng inyong mga magulang?" Oh, naku! May ginawa ito sa kaniya. Tiyak, siya noon ay puspos ng Kapangyarihang nagbibigay buhay.

At sinabi nila, "Liligpitin na natin ang lalaking iyan!"

²⁵⁶ At nang siya ay namatay, binato nila siya; at ang kaniyang munting abang ulo, tumatama ang mga bato tulad niyan. Tumingala siya at nagsabing, "Nakikita kong nagbukas ang Kalangitan." Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay gumagawa noon. "Nakikita kong bukas ang Langit, at si Jesus ay nakatayo sa kanan ng Diyos." Iyon ang nagawang Kapangyarihang nagbibigay buhay para kay Esteban.

²⁵⁷ Pansinin ang isa pang lalaki, na nagtaglay ng Kapangyarihang nagbibigay buhay na ito, ang pangalan niya'y Felipe. Punong—puno siya ng kapangyarihang Nagbibigay buhay. Mayroon siya noong malakihang pagtitipon doon sa Samaria. Ang mga diablo noon ay naitataboy. Ang mga tao ay nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Tunay na napakaganda ng kanilang gawain. At nangusap sa kaniya ang Espiritu, oh, ang—ang Dynamics ay bumaba, at sinabi Nitong, "Iwanan mo ang rebaybal na ito." Ngunit anong sasabihin ng mga ministro? Hindi mahalaga kung anong sasabihin nila. Kita n'yo? Punong—puno siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay.

Taglay niya ang gasolina, at ang—ang Dynamics ay bumaba sa kaniya. Sinabi, “Magtungo ka sa disyerto.”

²⁵⁸ At nasumpungan niya ang isang bating doon, at binautismuhan siya sa Pangalan ni Jesus Cristo; isang lalaki, na naghahatid ng Mensahe roon sa Etiopia. Tama iyon? At tumalima siya sa Diyos.

²⁵⁹ Bilang pagtalima sa Diyos, kung hindi pa kayo kailanman nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, gawin ito, at masdan n’yo ang Kapangyarihang nagbibigay buhay na dadampot sa inyo pagkatapos niyan. Kita n’yo?

²⁶⁰ Nang gawin ni Esteban ang dakilang bagay na ito . . . o, hindi si Esteban. Ngunit si Felipe ang gumawa ng dakilang bagay na ito, na iwanan ang malaking rebaybal na iyon at sundin ang utos ng Diyos, nang ganapin niya, sa pamamagitan ng . . . Sa pamamagitan ng pagbautismo sa bating na ito, bilang pagsunod sa Diyos, punong—puno siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay hanggang sa agawin siya Nito palayo. “Bibigyang buhay Nito ang inyong katawang—mamamatay, kung ang Espiritung ito na nagbangon kay Jesus mula sa mga may kamatayan.” Binigyang buhay Nito si Felipe hanggang sa hindi siya nakita sa loob ng marahil ay isang daan at limampung milya, doon sa ibang lugar, sa ibang lalawigan. Binigyang buhay Nito ang kaniyang katawang may kamatayan. Paano niya nagawa iyon? Punong—puno siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay.

²⁶¹ Oh, Iglesia ng buhay na Diyos, hindi tayo makakatayo rito nang nakasuso sa munting tsupong—asukal dito sa araw na ito. Kailangan nating mapuspos at mapanalanginin, taglay ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, hanggang sa makapagbigay buhay ang Banal na Espiritu! Kailangan nating maagaw, balang araw, doon sa Pag—agaw na iyon. Opo, ginoo. Amen! Oh, naku!

²⁶² Ipagpaumanhin ang pananalitang iyon. Naiisip ko ang tungkol sa isang ina na gumagawa ng munting mga susuan, na nakagawian na, para sa sanggol. Natatandaan ito ng ilan sa inyong matagal nang mga nanay. Kapag ang munting sanggol ay nag—iiyak; kukuha kayo ng kaunting giniling na kape at kaunting asukal, ibabalot sa susuan at ipasuso iyon sa kaniya, para lang mapayapa siya. Walang lakas iyon. Iyon ay papatay sa kaniya. Kita n’yo? Ang lumang caffeine ay naroon, at bagay, na pinatamis nang kaunti upang kaniyang malunok, ito’y magdudulot ng caffeine sa kaniya.

²⁶³ Sawa na tayo sa gayong bagay. Magsibalik! Kayo’y mga agila; bumalik sa Salita ng Diyos! Maging matipuno; walang makakasakit sa inyong damdamin, kung kaya’t malaya kayo sa lahat ng iskandalo ng tao. Anumang sabihin ninuman laban sa inyo, iyon ay maghahatid lamang ng mas higit na pag—ibig. Amen. At, ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, inagaw tungo sa Sangkalangitan, isang agilang nakalipad na sa itaas ng

mga manok, mataas na mataas sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus! Oh!

Ito ay nakay Felipe. Binigyang buhay siya, inagaw siya palayo.

²⁶⁴ Tunghayan natin ang isa pang lalaki. May lalaking noon na nagngangalang Enoc. Ngayon, lumakad siya nang ayon sa bawat Salita ng Diyos, sa loob ng may limang daang taon. Nagkaroon siya ng patotoo, na, “Hindi ko kailanman binigo ang Kaniyang Salita.” Naging punong—puno siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay nang tamaan siya ng Dynamics, sa mga Mechanics na iyon, ni hindi na nga niya kinakailangang mamatay; umuwi na lang siya sa Tahanan. Nagpasimula lang siya maglakad. Labis siyang. . . Katulad ni Felipe, punong—puno ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, na sa halip na magtungo siya sa Gaza at magtungo sa ibang lugar, kung saan, ay nasumpungan nila siya roon sa matataas na baybaying dagat. Sa halip na sa daang iyon, siya’y nagpatuloy lang, oh, sinabing, “Matanda na ako, kahit paano. Labis ang taglay kong Kapangyarihang magbibigay buhay, lalakad na lang akong paalis sa mundo.”

²⁶⁵ Iyon din ang Kapangyarihang nagbibigay buhay na taglay natin ngayon. Kita n’yo, bibigyang buhay Nito ang inyong katawang may kamatayan. Hindi ba tama iyan? Ito’y ang Kapangyarihang nagbibigay buhay.

²⁶⁶ Si Enoc, na may gayong sakdal na patotoo, na, “Lahat ng inutos sa akin ng Diyos na gawin ko, ay ginawa ko. Lahat ng nakita kong sinabi Niya sa akin na gawin, ay ginawa ko.” At labis siyang napuspos ng—ng Dynamics, o—o ng Mechanics, hanggang, nang matamaan siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, ang Mechanics, bigla lamang siya Nitong inangat. Lumakad Siya palabas ng mundo, patungo sa Langit.

²⁶⁷ Ngayon, ngayon pansinin, kay Elias. Tapos. . . Tingnan, si Elias, ang dakilang propetang iyon, lalaki sa kaniyang panahon. Pagpaumanhinan ako. Lalaking kapatid at babaeng kapatid sa yaong panahon kanyang, tinumbok, ang mga babaing pinturado ang mukha, silang mga Jezabel at mga Achab. At naninindigan hanggang. . . At walang sinumang nanindigan, tila, nanindigan kasama niya. At siya ay sumaway, at suminsala, at nanindigan doon, at inalagaan siya ng Diyos at tinulungan siya sa lahat ng dako. Alam n’yo, napagod ang matanda isang araw. Sinabi niya, “Tumatanda na ako, kaya hindi na ako makapagtatagal pa.” Siya’y papuntang, sa wari ko, siyam napung taong gulang na; totoong matanda na, at nagpalakad—lakad doon, at siya’y punong—puno ng Kapangyarihang nagbibigay buhay. Alam n’yo ano? Tumingin siya patawid ng Jordan.

O Diyos! Halos makita ko na ang kabilang dako. Hindi n’yo ba nakikita?

268 Punong—puno ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, hanggang, sa makita siya ng isang karong nakatali roon, mga kabayong Apoy at karong Apoy, na nakatali sa isang puno roon. Tumawid lamang siya ng ilog at umuwi sa Tahanan, na hindi man lamang namatay. Ipinadala ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, dahilan ng isang karo na bumaba mula sa Langit at inagaw siya. Inalis pa nga ang balabal niya at ibinato iyong pabalik para kay Elias. Tama iyon.

269 Ngayon, pagkatapos ay dinampot ng lalaking iyon ang balabal na iyon, katipo na naman ng Iglesia, kita n'yo, dinampot ang balabal na iyon. Ngayon, doble ang ginawa niyang mga himala, na katipo ni Cristo at ng Iglesia. Kita n'yo? Apat ang ginawa ni Elias; walo ang ginawa niya. Kita n'yo, ngayon, siya ay—siya ang dobleng kapangyarihan, 'pagkat hiniling niya ito. "Lalong dakila pang mga bagay kaysa sa ginawa Ko ang gagawin ninyo." Kita n'yo? Subalit punong—puno siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, at lahat na, hanggang sa magawa niya ang lahat ng mga ito, doble, kung ano ang ginawa ni Eliseo, higit pa kaysa nagawa niya. At pansinin, namuhay siya sa buhay doon sa itaas hanggang mga walumpu o siyamnapung taong gulang, siya ay tumanda at siya—siya ay namatay. Namatay siya, at kinuha nila—nila siya at inilibing.

270 Alam n'yo, aba'y, hindi siya iniwan ng Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay. Maraming, maraming taon na ang lumipas noon, nang mabulok na ang laman mula sa kaniyang mga buto, nakahimlay siya sa isang puntod. At may dala silang patay isang araw, at nakita nila ang kaaway, at basta na lamang itinaon nila ang lalaking iyon sa itaas ng mga buto ni Eliseo. Labis—labis ang Kapangyarihang nagbibigay buhay na nasa mga butong iyon hanggang sa lumukso pabalik sa buhay ang lalaking iyon. Oh!

271 "Bibigyang buhay Nito ang inyong katawang—mamatay." Bagama't patay na at bulok na sa libingan, at gayunpaman ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay namalagi sa lupang iyon. Aleluya! Oh! "Siya na nagbangon kay Cristo mula sa mga patay ay magbibigay buhay din sa inyong katawang may kamatayan." Ang Elias noon doon, si Elesio at si Elias . . .

272 Tandaan, ang patay na lalaking iyon, ang propetang iyon, na puspos ng Kapangyarihang nagbibigay buhay nakahimlay sa libingan at nabulok na; labis—labis ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, hanggang, sa itinaon nila ang bangkay na iyon sa ibabaw niya, ay nabuhay siya. Magagawa pa rin niyang magpatong ng kamay sa maysakit. Hindi ba? Amen. Hayan na nga kayo.

273 At tandaan, tayo ay laman ng Kaniyang laman, si Jesus Cristo. "Tayo ay laman ng Kaniyang laman, at buto ng Kaniyang buto." Oh, walang paraan na maiiwasan ito. Tayo'y

magbabangon, at iyon lamang. Kayo'y magbabangon, iyon lamang.

²⁷⁴ Ang Pasko ng Pagkabuhay ay higit pa sa isang tradisyon lamang. Ito pa rin ngayon, sapagkat ang ating mga katawan ay biniyang buhay na kasama Niya at tayo'y nakaupo sa Sangkalangitan.

²⁷⁵ At ang katawang ito ay maaaring mabulok sa dagat; ito'y maaaring mabulok sa lupa; maaaring wala pang isang kutsara na abo; subalit magbabangon siya. Sapagkat, ang Espiritu na nagbangon sa aking Panginoon mula sa mga patay ay nagbigay buhay sa katawang—mamamatay na ito. Ito'y nagbibigay buhay sa inyong katawang—mamatay. At tayo ang tagapakinabang ng Kaniyang muling pagkabuhay, Kaniyang patakaran ng Buhay na Walang Hanggan na palagi kong sinasabi, alam n'yo na. Hindi nakapagtataka na sinabi Niya, "Huwag kayong matakot." Nalalaman Niya.

²⁷⁶ Dahil katulad ng sinabi ni Pablo, "Kamatayan, nasaan ang iyong tibo? Libingan, nasaan ang iyong tagumpay? Ako'y puspos ng Kapangyarihang nagbibigay buhay. Salamat sa Diyos, Siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Opo, ginoo! Kapangyarihang Nagbibigay buhay. Oh, naku!

²⁷⁷ Siya ay nabubuhay magpakailanman, "siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Mga taga Hebreo 13:8. Pansinin, ang Mesias, Yaong pinahiran; ganoon din ang Kaniyang Nobya, ang mga munting—Mesias, kita n'yo, Yaong pinahiran.

²⁷⁸ Pansinin, ang kamatayan ay hindi nakapipigil sa Kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay buhay. Hindi Ito mapipigilan ng Kamatayan. Kapag taglay mo Ito, Ito'y Walang Hanggan. Walang anumang makapipigil Dito. Hindi mo Ito maitatali; wala—wala kang anumang magagawa para Rito. Matapos mo man ang inyong buhay, hindi pa rin ito makapipigil Dito; ganoon pa rin ang bisa Nito.

²⁷⁹ Pansinin, si Moises ay puspos ng Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay. Siya nga ba? Isa siyang propeta na kung saan ang Salita ay dumarating. Siya ay bahagi ng Salita. Siya ang Salita ng panahong iyon. Tama ba iyon? At makaraang mamatay siya, walong daang taon; sa Bundok ng Pagbabagong—anyo, doon tumayo siya, kasama si Elias. Tama iyan? Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, na hindi Ito kailanman maaalis ng kamatayan. Hindi, hindi. "Babangunin Ko itong muli." Dumating ang mga Anghel; inilibing siya roon sa isang lambak. Nabulok na siya at naglaho, wala na ang mga buto niya, at lahat ng iba pa, ngunit ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay naroon pa rin. Binuhay siya Nito at dinala siya pataas. At hayun, nakatayo siya roon. Pansinin.

²⁸⁰ Sasabihin mo, “Tama ba iyan, Kapatid na Branham, makaraan ang walong daang taon?” Oh, naku!

²⁸¹ Kung babasahin n’yo sa Mateo, mayroong Kasulatan ako, Mateo 27:51. Maaari n’yong isulat, itala ito. Nang ang lahat ng mga iyon doon, na sumasampalatayang Siya ay darating. . . Ang sabi ng Biblia rito, matapos Niyang dumating, sila ay nangatutulog sa lupa. Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay sumasa kanila, at sila ay bahagi Niya, silang mga banal na iyon. Sila ay isang bahagi Niya, sapagkat sila’y sumampalataya sa Kaniya.

²⁸² Sila ay maaaring may Buhay na iyon, sa pamamagitan ng mga tupang alay, isang pampalubag—loob, na hindi makapagpabalik ng espiritu ng tupa doon sa tao. Paano naman ngayon sa pamamagitan ng Espiritu ng Tao, ang Diyos Mismo, ang nasa inyo, kita n’yo, gaanong higit na Kapangyarihang nagbibigay buhay ang taglay natin! Subalit sa pamamagitan ng pampalubag—loob sa kasalanan ay isang cordero ang inalay, bilang isang tipo. Hindi ang tipo ang taglay natin; ito’y ang totoo. Ano pa ang ikinatatakot natin? At yaong mga taong ang taglay ay ang tipo lamang, na tumuturo sa Kaniyang muling pagkabuhay, at mailibing na taglay ito.

²⁸³ Katulad noon ni Job sa kaniyang labis na paghihirap, naku, ang lahat ay inalis sa kaniya! Sinabi ng diablo, “Ibigay mo siya sa akin. Ipasusumpa Kita sa kaniya sa Iyong mukha.” At pagkatapos noon ay pinaubaya na siya.

²⁸⁴ Sinabi, “Huwag mong kukunin ang kaniyang buhay.” At ginawa niya (siya) ang lahat maliban lamang sa pagkitil ng kaniyang buhay.

²⁸⁵ At maging ang kaniyang asawa ay sumalungat laban sa kaniya. Sinabi ang kaniyang hininga ay kaiba na sa kaniya. Sa ibang pananalita, siya—siya ay wala nang pakialam sa kaniya. Tila hindi na siya mahal nito, basta na lamang itinatakwil siya. “Job, ika’y kaaba—aba! Bakit hindi mo na lang sumpain ang Diyos, at mamatay?”

Sinabi, “Ikaw ay nagsasalita katulad ng isang babaing hangal.” Oh, naku!

²⁸⁶ Kita n’yo, siya’y humawak sa kung ano ang taglay niya. Ngayon, isa siyang propeta. Sinabi niya, “Hindi ako makasalanan. Nailay ko na ang nakalaang hain.” Amen. Alam niya kung saan siya nakatayo. Siya ay nasa Salita. Anuman ang sabihin ng iba, siya ay naroon mismo sa Salita. Pagkatapos ng malubha na oras na iyon. . . Sinabi, “Ikaw ay nagsasalita katulad sa isang babaing hangal.” Sinabi niya, “Ang Panginoon ang nagbigay, ang Panginoon ang nag—aalis; aba’y, purihin ang Pangalan ng Panginoon!” Sinabi, “Dumating ako sa mundong ito nang wala kahit ano. Dumating ako, hubad, aalis akong gayon din. Purihin ang Pangalan ng Panginoon!” Nakaupo

roon, tinubuan ng mga bukol, patay na ang kaniyang mga anak, siya'y lubos na naghirap, at lahat ng kaniyang mga kaibigan ay sumalungat laban sa kaniya, ang kaniyang mga kasamahan sa simbahan, at lahat ng iba pa, kinudkod niya ang kaniyang sarili ng... At talaga naming abang—aba kahabag—habag! Sinuman sa inyo ay hindi pa nakaranas ng ganoon. Gayunpaman, nanghawakan pa rin siya sa Salita.

²⁸⁷ Isa siyang agila. Oh, naku! Hindi mo mapananatili ang kulaba sa kaniyang mga mata sa lahat ng panahon. Hindi, hindi. Bigla na lamang, habang naninindigan doon sa Salita, anong nangyari? Ang mga ulap ay nangahawi, ang mga kulog ay nagsimulang magsi—ugong, nagsimulang kumislap ang mga kidlat, at si Job ay tumingala at nakakita siya ng pangitain, sinabi, “Talastas kong ang Manunubos ko’y buhay. Siya’y tatayo sa lupang ito sa kahuli—hulihan. At bagama’t sirain ng mga uod ang katawang ito, ang mga buto at lahat na, ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay ay naroroon pa rin. Makikita ko ang Diyos para sa sarili ko, makikita ko Siya para sa Sarili ko. Ang aking mga mata ang makakakita at hindi ang iba.” Tama ba iyon? “Bagamat ang aking mga ugat ay maglaho sa loob ko, bagama’t sirain ng mga uod na nasa katawan ko ngayon, ang katawang ito.”

²⁸⁸ Alam n’yo, ang mga uod ng katawan ay hindi darating sa inyo. Ang uod na iyon ay nasa inyo na, ang mga uod ng inyong katawan. Napansin n’yo ba iyon? Ilagay man kayo sa kabaong, at paselyuhan iyon upang hindi sumingaw; kakainin ka ng mga uod, gayunpaman, ‘pagkat ito’y nasa inyo na. Kayo ay isang bungkos lamang ng mga uod, sa pasimula pa lamang, nasa loob n’yo.

²⁸⁹ “Bagama’t ang mga uod ng balat, sirain ako ng mga uod ng balat ko, ang aking katawan, gayon man sa aking laman makikita ko ang Diyos.”

²⁹⁰ At sa umaga ng pagkabuhay na iyon! Luwalhati! Aleluya! Si Mateo, ang dakilang manunulat na ito, sa 27:51, nagsabi, “Na matapos Siyang mabuhay mula sa mga patay, ang mga banal ng Lumang Tipan, marami sa mga nangangatutulog sa alabok ng lupa, ay lumabas sa libingan, at pumasok sa lungsod at nagpakita sa marami.” Ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay, ay nasa mga buto pa rin ni Elias nang halos wala ng mga buto pa, nakay Job pa rin nang halos wala ng isang kutsara man lang ng alabok ng kaniyang katawan ang natitira. Ngunit ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay naroon pa rin.

²⁹¹ “Kung ang Espiritung ito na nagbangon kay Jesus mula sa mga patay ay manahan sa inyo, bibigyang buhay din naman Niya ang inyong katawang may kamatayan.” Pansinin, nang madalian ngayon.

292 Sinasabi mo, “Oh, sana noon ako nabuhay. . .” Nabubuhay ka sa mas magandang panahon. Ngayon kung kayong lahat. . .

293 Nakikita kong naglilista kayo ng ilang mga Kasulatan. Mabuti, ilita ang Unang Mga Taga Tesalonica 4:16. Pansinin kung gaano kaganda, kita n’yo. Sa. . . “Ang mga banal, silang nangatutulong kay Cristo, ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya,” kita n’yo, mga banal na nasa libingan, namamahinga. Katulad ni Elias noon; ang ilan ay katulad ni Eliseo noon; kita n’yo, ang ilan sa kanila ay bibigyang buhay, ang ilan ay kukunin, ang ilan ay mapasa libingan. Sila ay sasama sa Kaniya. “Ang Pakakak ng Diyos ay tutunog, at ang mga namatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli. At tayong nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa hangin.” Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay sa mga buhay; ang kapangyarihang nagbibigay sa mga patay. Kita n’yo?

294 Ang gayon ding Kapangyarihang nagbibigay buhay na iyon ng Diyos ay naipakita sa kapuwang mga propetang ito. Tingnan n’yo ang kanilang pangalan, halos magkatulad, Eliseo, Elias. Kita n’yo ang Nobya at ang Nobyo? Ang isa sa kanila’y si G. Jesus; at ang isa naman ay si Gng. Jesus. Kita n’yo, halos magkatulad, sa—sa pagitan lamang ng—ng pagiging Lalaki at Babae. Kita n’yo?

295 Si Elias, tingnan kung paano itong naipresenta rito. Ngayon, si Eliseo. . . Ang inagaw paitaas, na siyang kumakatawan sa Iglesia, tama, si Elias; at si Eliseo ay nagpahinga hanggang sa muling pagkabuhay. Kita n’yo? Ito’y tulad lamang sa isang ibon, na nangangailangan ng dalawang pakpak upang maibalanse ang kaniyang sarili. Kita n’yo? Ang Iglesia ay nairepresenta doon mismo sa dalawang propetang iyon. “Sapagkat tayong nangabubuhay at nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi makahahadlang sa mga nangatutulong; sapagkat ang Pagkakak ng Diyos ay tutunog,” ang dalawang pakpak ay magsasama, at tayo’y lilipad palayo, aleluya, lilipad palayo. Pagkat, (ano?) sa nabubuhay man, o sa namatay, ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay ay patuloy na nabubuhay.

296 Pansinin. Alalahanin, tandaan ngayon, binigyang buhay upang makita kung ano ang mga bagay na ito. Masdan ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ng panahong ito. Tandaan, tayo ay binigyang buhay. Hindi pa katagalan, para makatulong. . .

297 At ako—sa palagay ko’y sinabi ng ating Panginoon, at ganoon din ni Pablo, “Anumang ipinakita sa akin ng Ama, ay hindi ko inilihim. Sinasabi ko sa inyo.” At sa huling mga araw na ito kung kailan ay nakikita nating sumasa atin ang Kaniyang Kapangyarihang nagbibigay buhay, binigyan pa nga

tayo ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, upang makitang gumagaling ang mga maysakit. Nakikita nating kumikilos sa kalagitnaan natin ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, katulad sa kanila noong Ito'y nasa kanila noong unang mga araw, kita n'yo, nakikita natin Itong naibabalik sa pamamagitan ng pangitain at bumubuhay sa mga patay, nakikita Itong nagpapagaling sa mga maysakit.

²⁹⁸ Noong isang araw may sinabihan ako. Ang munting Donovan Weerts rito, sa palagay ko kilala n'yo lahat siya. Nangangaso ako noon kasama niya. Ang abang lalaki. . . Siya'y isang mabait na lalaki. Pumupunta siya rito upang magsimba. Siya'y. . . Isang matalik na kaibigan ko. At siya'y sadyang. . . sinabi niya, "Hindi ko nais na gambalain ka."

²⁹⁹ Tumingin ako, at ang kaniyang tainga, ay nakabaliktad, lumabas ang loob. At sinabi ko, "Kumusta ka, Donovan?" Basta hinawakan ko siya sa kamay, nang *ganiyan*, at isang kanser. Sinabi ko, "Donovan, anong nangyari sa tainga mo?"

³⁰⁰ Kanyang sinabi, "Hindi ko alam, Kapatid na Branham. Mga anim, o pitong buwan na, at basta patuloy lamang. . ."

Sinabi ko, "Bakit hindi ka nagsabi ng anuman tungkol diyan?"

³⁰¹ Sinabi, "Ako—hindi ko nais na gambalain ka, Kapatid na Branham."

Aking sinabi, "Alam mo ba kung ano iyan?"

Sinabi, "Mayroon akong ideya."

³⁰² Basta't pinatong ko lang ang kamay ko sa kaniya, wala akong binanggit na salita. Dalawang araw matapos iyon, wala na roon ni isa mang peklat. Ano iyon? Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, kita n'yo, bibigyang buhay Nito ang inyong katawang—mamamatay. Ang tainga niya ay mauubos na, ang kaniyang utak ay maaring nawala na, kita n'yo, maaring namatay na siya. Ngunit, ang Kapangyarihang nagbibigay buhay! Kita n'yo?

³⁰³ At isang araw noon nang ako ay mapagal, aking sarili, tungkol sa. . . Aking sinabi, "Kung iyong. . . Iho, mabuti pa mauna ka na, limampung taong gulang ka na. Ikaw, kung may gagawin kang anuman sa Panginoon, mabuting madaliin mo na na gawin ito. Tumatanda ka na." Kita n'yo? At doon nang umagang iyon, dumating ang Kapangyarihang nagbibigay buhay, at pinasilip Niya ako roon sa tabing, at nakita ko kayong lahat doon. Uh—huh. Kita n'yo? Kanyang sinabi, "Lahat ng minahal mo, at lahat ng nagmahal sa iyo, ay ipinagkaloob sa iyo." Kita n'yo? Nakita ko silang lahat doon tulad niyan. Ano nga ba iyon? Kapangyarihang nagbibigay buhay.

³⁰⁴ Si Juan na Tagapagpahayag ay punong—puno ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, na siya'y tumindig at nakita ang wakas mula sa pasimula.

305 Si Isaias ay puspos ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, at siya'y tumindig at nakita ang Milenyum at lahat na.

306 Kapangyarihang nagbibigay buhay! “At kung ang Espiritung nagbangon kay Cristo mula sa mga patay, ay nananahan sa inyo, bibigyang buhay Nito ang inyong katawang—mamamatay. . . katawang may kamatayan.” Tandaan, ang Kapangyarihang nagbibigay buhay!

307 Tingnan kung anong nakita natin sa araw na ito. Ang Kapangyarihang Nagbibigay Buhay ay dumating sa atin, upang buksan ang Pitong Tatak. Ano nga ba iyon, ang karunungan ng isang tao? Hindi, ang Kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay buhay. Kita n'yo, ang Kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay buhay ay naihulang magaganap. Kita n'yo, ang Kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay buhay ang nagbunsod sa mundong ipatotoo Ito, na ito'y Katotohanan. Sinabi ko sa inyo, na ang Anghel ng Panginoon, ay nasa paligid, sa isang Haliging Apoy; Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay hinayaang ipatotoo ng mundo na Ito'y ang Katotohanan. At, sa iyon, hindi nila alam kung ano *iyon*; at nalaman natin, tingnan n'yo lang nang *paganito*, at Ito'y ang ating Panginoon na naroon sa itaas, kita n'yo.

308 Siya Mismo ang nagbukas Niyaong mga Tatak. Siya ang mga Tatak na iyon, sapagkat ang buong Salita ng Diyos ay si Cristo, at si Cristo ang mga Tatak na nabuksan. Ano kung gayon ang pagbubukas ng mga Tatak? Ang Paghahayag kay Cristo.

309 At ang mismong pitong mga Anghel, na kumatawan sa lahat na kumpletong Pitong mga Iglesia, at hindi man lang natin Ito nakita. Ginawa nila, sila ang kumuha ng litrato, hindi tayo. At hayun Siya, nakatayo doon, ang Kataas—taasang Hukom; ipinapakitang Siya ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang wakas. Napakagandang pagkakakilanlan! Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ang gumawa niyan sa atin.

310 Kapangyarihang nagbibigay buhay ang nagpakita sa atin ng Kaniyang pagdating. Kapangyarihang nagbibigay buhay ang nag—agaw sa atin mula sa kamatayan tungo sa Buhay. Ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ang nagkaloob ng pagkikilala; upang malaman kung ano ang problema n'yo, at kung ano ang gagawin; kung anong ginawa n'yo, at kung anong hindi n'yo dapat ginawa; at kung anong dapat n'yong ginawa, at kung anong kahahantungan ninyo. Kapangyarihang nagbibigay buhay, ang lahat ng mga ito!

311 Ang Panginoong Jesus punong—puno ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, Siya ang lahat ng mga ito, lahat. Punong—puno Siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, sinabi Niya ito, “Gibain n'yo ang katawang ito, at itatayo ko ito sa loob ng tatlong araw.” Nangusap tungkol sa pagtitiwala sa Kapangyarihang nagbibigay buhay! “Gibain ang katawang ito,

at Aking . . . ang templong ito, at itatayo ko ito sa loob ng tatlong araw.”

³¹² Aba, bakit Niya sinabi iyon? Alam Niyang ito’y naisulat patungkol sa Kaniya, kita n’yo, na ito’y naisulat patungkol sa Kaniya, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na hindi nabibigo. Ang Salita nagsabi, “Hindi Ko pahihintulutan ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni iiwanan man ang Kaniyang kaluluwa sa hades.” At alam Niyang babangunin Siya ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, na walang isa mang selulang mabubulok.

³¹³ Kanyang sinabi, “Gibain n’yo ang templong ito, at itatayo Ko itong muli sa loob ng tatlong araw.”

³¹⁴ Bakit? Iyon ay hula, ang Salita ng Diyos. At ang hula, kung Ito’y totoong Salita ng Diyos, ay hindi mabibigo. At ang hula ring iyon at ang Salita ng Diyos na nagsabing Siya’y babangunin Niya, ang nagsasabing tayo ay nagbangon nang kasama Niya. Hindi kataka—takang sinabi Niya, “Huwag matakot.” At ito’y nasusulat, na, “Ang Espiritung ‘yan ngayon, ay nasa Kaniya, na ngayon ay nasa atin, ay nagbibigay buhay din sa ating katawang—mamamatay.” Huwag matakot, kaibigan, ang A—n— a—k ay sumikat na. Ang Anak ay nagbangon na. Hindi . . .

³¹⁵ Ngayon tingnan ang pagbabagong—anyo. Tayo noon, bawat isa, nairepresinta roon. Naroon ang mga buhay na banal na inagaw, nakatayo roon si Elias; at nakatayo roon si Moises, ang mga namatay na banal na kumata— . . . Gayon din, kapuwa sila may Kapangyarihang nagbibigay buhay. Maging namatay man ang isa, at ang isa nama’y hindi namatay, lahat sila ay naroon.

³¹⁶ Pansinin, oh, tingnan kung ano na ngayon ang nakikita natin sa huling mga araw na ito. Ang gayon ding bagay na Kaniyang ipinangako, Juan 14:12. Ngayon tingnan. [Blankong bahagi sa teyp—Pat.] Tiyak na tiyak.

Ang sabi ng mga tao, “Sinasabi mo bang may taglay kang kapangyarihan?” Hindi, hindi, hindi.

³¹⁷ Katulad lang nila tayo roon sa Bundok ng Pagbabagong—anyo, kita n’yo. Tiyak nga, hindi tayo nag—aangkin ng kapangyarihan. Ngunit, tayo, tulad—tulad nila noon . . . Sa Bundok ng Pagbabagong—anyo, hindi nila sinasabing, si Moises, nagsabi, “Tingnan kung sino, tingnan kung sino ako,” ang sabi ng mga alagad, “tingnan kung sino ako, tingnan kung sino ako.” Alam n’yo ba kung ano ang nangyari? Pansinin, nakita nilang niluwalhati si Jesus. Iyon ang tanging nais nilang makitang mairepresinta, si Jesus na naluwalhati.

³¹⁸ At gayon din sa araw na ito, hindi tayo nagsisikap na maging isang malaking tao. Hindi mahalaga sa atin kung ano ang sasabihin ng mga tao tungkol sa atin. Ang ating pangalan ay walang anumang halaga; ito’y ang Pangalan Niya. Ang buhay natin, ito’y wala; ito’y ang Buhay Niya. Ito’y ang Kapangyarihan

Niya, hindi ang ating kapangyarihan. At may iisang bagay lamang na ibig nating gawin, ang makita Siyang naluluwalhati. At paano ito nangyari? Kapag Siya ay naluluwalhati sa atin, sa pamamagitan ng Kaniyang pagkabuhay na muli na nasa atin. Nakita natin Siyang nairepresinta muli kung paano Siya noon, sa araw na ito.

³¹⁹ Nakuha n'yo ba iyon? Kita n'yo, ang hangad natin ay hindi ang maluwalhati. Ang hangad natin ay hindi isang malaking pangalan. Ang hangad natin ay hindi ang magsulong ng kung anong iglesia, o gawing mas marami pa ang Panlinggong paaralan, o sikaping magdala sa loob, gapos—baboy, mamuwersa, mag—alok ng isang piknik ng kasayahan, o mag—imbita ng mga artista, mga tsapa, o anumang iba pang tulad niyan. Hindi iyan ang ating hangarin. Ang hangad natin ay ang makita Siyang naluluwalhati. Naluluwalhati, (ano?) hindi sa sariling kapalaluan; kundi sa atin, ating mga buhay, upang mapatunayan na Siya ay buhay at nabubuhay sa loob natin.

³²⁰ Kung maisasantabi ko lang ang aking sariling, kung kaya't ni hindi na sumagi sa isipan si William Branham, at maging kayo ay hindi na sumagi sa isipan, hanggang sa makita nating naluluwalhati si Jesus sa ating kalagitnaan. Ang makita Siya, iyan ang ating hangarin. Iyan ang nagbibi—. . .nagkaloob sa atin ng Kapangyarihan nagbibigay buhay. At nagbibigay ito ng kagalakan, ang malaman na tayo ay nasa Kaniya, kapuwa laman at buto Niya, bilang Kaniyang Nobya; at nakikita ang Kaniyang dati nang pinagtibay na pamamaraan, na pinatutunayan na Siya ngayon ay nagbangon mula sa mga patay. Kita n'yo?

³²¹ Hindi kataka—takang sinabi Niya, “Huwag matakot”, sapagkat ngayon, pansinin, tayo ay tinubos sa pamamagitan Niya, at ngayon ay nagbangong kasama Niya. Iyan ang kahulugan ng Pasko ng Pagkabuhay sa mga tao, “nagbangong kasama Niya”! Pansinin. Ngayon nasa atin na ang Kaniyang Espiritu, ang buod na titulo na ganap nang bayad.

³²² Hindi, huwag mong sabihing, “Buweno, sana magagawa ko ito.” Nagawa mo na ito. Hindi, “magagawa ko ito.” Nagawa ko na ito. Hindi ako ang may gawa nito; ginawa Niya ito para sa akin. Kita n'yo? Hindi ako; Siya! “Buweno, Kapatid na Branham, ang sabi nila. . .” Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sasabihin nila. Ginawa na Niya ito doon, para sa akin. Iyon lang ang nais ko, ang inaalala ko.

³²³ Nais ko—nais ko lang na makita Siyang naihayag. Paano mo ito magagawa, pababain ba Siya? Hindi. Siya ay nasa iyo. Kita n'yo, Siya ay nasa inyo. “Buweno, kung gayon, Panginoon, kung maisasantabi ko lang ang aking sarili, Ikaw ay maihayag. Ang sarili ko. . . Paano Mo ito magagawa? Sapagkat Ikaw ay itinalaga upang maging gayon. ‘Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit.’” Pansinin. Luwalhati!

324 Sa pamamagitan ng lahat ng katunayan na nakalap, na narito ngayon sa atin sa umagang ito, oh, iniisip ko ang awiting;

Sa umagang iyon ng pagkabuhay,
Kapag ang Kordon ng Kamatayan ay naputol
na,
Tayo'y babangon, (Aleluya) tayo'y babangon!

325 Sumasampalataya ba kayo riyan? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Tayo'y babangon! Sa Kaniya'y maging bahagi Niya tayo, ang Pasko ng Pagkabuhay, ang inihayag na lihim ng Diyos katulad din noon, tungkol sa Buhay pagkatapos ng kamatayan. Tayo ngayon ay buhay, na dati—rati'y mga patay sa kasalanan at pagsalangsang. Winasak ng tunay na Selyo ng Pasko ng Pagkabuhay ang kamatayan sa aking paligid, at ako ngayo'y nabubuhay. Ang Selyo ng Pasko ng Pagkabuhay, nang pasimula, winasak ang selyo ng selyong Romano, ang Selyo Pasko ng Pagkabuhay, na naselyuhan Siya. At ang mga tao, kapag namatay sila, ay wala na; ngunit winasak Niya ang selyo at inihayag ang lihim. At ngayon ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Espiritu, ay winasak ang selyong ito sa paligid ng ating buhay, at si Cristo ay naihayag gaya ng nabubuhay Siya sa atin, dahil ngayon ay binigyang buhay na kasama Niya. Oh, pahina sa pahina!

Tayo'y babangon, (aleluya!)
Tayo'y babangon! (Amen!)
Sa umagang iyon ng pagkabuhay,
Kapag ang rehas nga kamatayan ay naputol
na,
Tayo'y babangon, (Aleluya!) tayo'y babangon!

326 Oh, hindi ba kayo nagagalak! Labis akong nagagalak! Noon pa man, sa isang munting kamalig ng uling isang umaga, ang mga selyo ay nawasak na, at ako'y nagbangong kasama Niya, isang bagong nilalang. Ang Kaniyang Kapangyarihang nagbibigay buhay; ang Anak ay nagbangon na.

327 Hindi pa katagalan, ikinuwento sa akin ang munting kuwento tungkol sa isang—isang mangingisda. May lalaking lumabas at umupa ng isang matandang mangingisda upang samahan siyang nangisda doon sa Kanlurang Baybayin. Umalis sila nang umagang iyon.

328 Kung mayroon na sa inyong nakapangisda na roon ng salmon, aba'y, alam n'yo kung ano ang mangyayari, nagiging masyadong maulap doon. Nakikita ko ang munti kong kapatid, si Eddie Byskal, doon, isang misyonero sa mga Indian na naroroon. At nangisda kami noon, kami mismo, doon sa mga baybaying iyon.

329 Kaya ang mangingisdang ito ay medyo baguhan pa, alam n'yo na. Sila ay pumaroon na nangisda, at sila'y napadpad. Naghintay silang magbukang liwayway, alam n'yo na. At sila—

sila ay hindi na nakarinig pa ng huni ng palaka, at nangamba ang mangingisda, nagsabing, “Naku, inaanod na tayong palayo sa karagatan! Hoy! Ang lahat ay ninerbiyos.

³³⁰ Ang sabi niya, “Maupo ka, anak. Maupo ka.” Ang matandang mangingisda, payapa, alam n’yo na. Alam niya kung ano ang sinasabi niya. Sinabi, “Maghihintay lamang hanggang sa pagsikat ng araw, nang magkagayo’y makikita natin kung saan na tayo.”

Sasabihin n’yo, “Kailangan ko bang maging Metodista? Baptist? Pentecostal?”

³³¹ Maghintay lamang. Ang Anak ay sumisikat, makikita natin kung nasaan tayo. Siya ang Salita. Maghintay hanggang sa makita n’yong maihayag ang Salita, nagsisikat sa ibayo ng Binhi, na siyang aaluging Bigkis, makikita natin kung nasaan na tayo. Mahal n’yo ba Siya? [Nagsabi ang kongregasyon ng, “Amen.”—Pat.]

³³² Ipagpaumanhin n’yo na pinagtagal ko kayo nang ganito. Ilan ba sa inyo ang mananatili hanggang ngayong gabi? Oh, bumalik na lang kayo kung gayon, mamayang gabi, kita n’yo. Mga alas—siyete? May iba ka pa bang inaanyayahan? [Ang sabi ni Kapatid na Neville, “Wala.”—Pat.]

Iyuko natin ang ating mga ulo.

³³³ Mayroon bang isa rito, o marami, na wala pang Kapangyarihang ito na nagbibigay buhay? Ang Anak ay sumikat na sa ibayo, at nakaupo kayo sa tabernakulong ito, nakinig na kayo sa mga teyp, at gayunpaman hindi pa kayo nabibigyang buhay ng Espiritu hanggang sa makatalima kayo sa Salita ng Diyos, upang makasunod kayong mga kababaihan at kalalakihan sa bawat Salita na Kanyang naisulat! Oh, isang mapanganib na bagay iyon. Ano kaya kung kayo ay isang patay na binhi, na walang Buhay? Subalit may kung anong nasa loob mo, na nagsasabi sa iyong, “Ako—nais kong magbangon, sa umagang ito. Nais kung bumangon mula sa kalagayang aking kinaroroonan. Ayaw kong maging isang patay na binhi lamang, na maiwanan sa lupa at tuyong puno. Nais kong magbangon.”

³³⁴ Maaari bang itaas mo ang iyong kamay, sabihing, “Ipanalangin mo ako, kapatid?” Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Naku, pagmasdan ang mga kamay; hindi talaga maaaring manawagan pa sa altar. Ang tinatawag nating panawagan sa altar, ang paglapit ng mga tao sa palibot ng altar, hindi naman ako masyado rito, papaano’t paano man. Iyon ay idinagdag na lang sa iglesia noong panahon ng revival ng Metodista. Kita n’yo?

³³⁵ Ang sabi ng Biblia, “Sa lahat ng sumasampalataya, kita n’yo, ay nabautismuhan.” May lubluban dito, puno ng tubig, naghihintay para sa kanino mang kandidatong handang mamatay sa kaniyang sarili.

³³⁶ Ngayon, maaaring nailubog ka na, maraming beses, sa Pangalan ng Panginoong Jesus; subalit malibang ang Binhing iyon ay Buhay, kita n'yo, hindi Nito magigising iyon. Hindi, hindi, hindi. Ang bautismo sa tubig ay tulad sa hamog na nahuhulog mula sa langit; maari itong mahuhulog sa binhi, ngunit, kung walang Buhay doon, hindi iyon mabubuhay.

³³⁷ Ngunit kung ang tunay na bautismo sa tubig, na kamatayan sa iyong sarili, at handa kang mamatay sa lahat ng itinuro sa iyo sa pamamagitan ng mga kredo at mga denominasyon, na salungat sa Salita, at ika'y lalakad bilang isang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, at ito'y taos sa iyong puso, masdan kung anong magagawa ng bautismo ng tubig sa iyo sa umagang ito. "Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga pagkakamali, ng inyong kasalanan, at inyong tatanggapin ang Bigkis, ang aaluging handog. Tatanggapin n'yo ang Dynamics, ang Banal na Espiritu. Sapagkat ang pangako ay para sa inyo, at sa kanilang lahat. Sa lahat ng salinglahi, ito'y maging gayon."

³³⁸ Amang Diyos, ako—nangusap ako nang mahaba, at gumugol ng maraming oras ng mga tao, ngunit, Panginoong Diyos, wala na itong kahihintuan. Sadyang tila kailangan mong tumigil at lumakad palayo, at magpahinga, at bumalik. Nabubuhay kami sa naghihinalong sanglibutan, sa gitna ng naghihingalong mga tao; taglay ang isang Mensahe ng Buhay, at kalakip ang katunayan ng muling pagkabuhay. Mahal na Diyos, minsan lang kami magiging mortal, at ano kayang mangyayari kung hayaan naming palampasin ang pagkakataong ito?

³³⁹ Ang puso namin ay nag—aalab; ang mga kaluluwa namin ay labis na nanginginig; ang mga nagsipasok na ito. At marami rito ang nakikinig sa Mensahe sa umagang ito. Opo, dalawa o tatlong daan ang nagtaas ng kanilang mga kamay. Nais nilang sumampalataya, Panginoon. Oh, tiyak ang binhing iyon ay hindi patay, Panginoon. Paano nila maitaas ang kanilang kamay nang ganoon? May kung anong bagay. O Diyos, ito'y ang lumang pagkatao, ito yaong asawa ni Job na nakatayo roon, nagsabing, "Oh!" Subalit, Panginoon, hayaan ang Job na iyon, mananampalataya na iyon, pumasok, sa umagang ito, lubusang mamatay, at mailibing dito sa bautismo ng tubig na ito.

³⁴⁰ Ang mga patak ng hamog na nagmumula sa Langit, ang Salita ng Diyos na nagsasabing huhugasan Nito ang bawat kasalanan at ito'y patatawarin! Binautismuhan kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ano? Sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan, ang mga kasalanang napatawad sa Pangalan ni Jesus Cristo.

³⁴¹ Nawa, pagkatapos, Ama, nawa'y...Kung sila'y may karamdaman, humayo nawa silang magaling. Nawa, kung sila'y lumpo, humayo nawa silang lumalakad sa ilalim ng

Kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kung sila'y naging mga makasalanan, humayo nawa silang nahugasan na at malinis. At ang mechanics, sa pagpasok; ang Dynamics na dumating mula sa Itaas, ang Banal na Espiritu, at sila'y agawin, Panginoon. Bigyang buhay ang kanilang katawang may kamatayan, kung magkagayo'y makaririnig kami ng tunay na mga bagong wika, mga kapangyarihan ng Diyos, di—maipaliwanag na pag—ibig, naghihinalong biyaya at biyaya para sa ikabubuhay; at isang Kristo na muling nabuhay, isang Katawan, isang Nobyang kumakatawan sa Kaniya sa ibabaw ng lupa.

³⁴² Ama, sila'y Iyo. Itinaas nila ang kanilang kamay. Ipinangaral ko na ang Salita. Ngayon, Ama, sila'y tanggapin, dalangin ko. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ito ang samo ko. Amen.

³⁴³ Mahal nyo ba Siya? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Hindi ba Siya'y kamangha—mangha? ["Amen."] Nasisiyahan ba kayo na maging bahagi ng Pasko ng Pagkabuhay na muli, na kayo'y nagbagong kasama Niya? ["Amen."] Itaas ang inyong kamay. Kayo ay kabilang.

³⁴⁴ "Mumunti kong mga anak," kung papaanong sinabi ni Pablo. Hindi sa sinusubukan kong gayahin siya, ngunit, ang pagmamahal, mahal ko kayo. Sinusuong ko ang mga lansangan at lahat ng iba pa, upang ako'y makaparito, para makapangusap sa inyo. Galing sa disyerto, patawid sa mga bulubunduking niyebe, at iba pa, upang makarating ako rito. Sumakay tayo sa mga eroplano. Nagmamaneho kayo patawid ng lalawigan, upang makapagsamasama tayo. Mahal natin ang isa't isa.

³⁴⁵ Bahagi tayo ng isa't isa. Huwag nyong hayaang sabihin ni Satanas sa inyo ang anupamang iba. Bilang tayo ay bahagi ng isa't isa, tayo'y bahagi Niya. At tayo ay mamamayan ng Kaharian, na nagtatamasa sa mga pagpapalang ito, sama—sama, ng muling pagkabuhay.

³⁴⁶ At ngayon, kita n'yo, ngayon kayo'y nabuhay nang muli. Noong ibinangon Siya ng Diyos, ibinangon Niya kayo. Ang Anak ay nasa inyo na ngayon, at kayo'y lumalago tungo sa Buhay na namumukadkad katulad Niya noon, upang lubusang buhayng muli sa huling araw na iyon. Ang inyong mga potensiyal, ay taglay n'yo na ngayon. Bakit n'yo alam? Nabago ang inyong kaluluwa, hindi ba? Ang inyong katawan ay napasunod Dito, hindi ba? Napapasunod sa (sa ano, isang iglesia?) sa Salita, na siyang Buhay, kung gayon ay nabuhay na kayong muli mula sa mga patay. Ito'y Pasko ng Pagkabuhay, kay Jesus at sa akin. Ito'y Pasko ng Pagkabuhay, sa inyo at kay Jesus. At ito'y Pasko ng Pagkabuhay, kasama kayo, sa akin, at kay Jesus. Tayong lahat. . . O, si Jesus, kayo, at ako, tayong lahat ay magkasamang binuhay na mag—uli.

³⁴⁷ At tayo ay magbabangon sa huling araw, bagama't iiwan ng ating mga espiritu ang ating mga katawan, bagama't mabubulok

ang mga katawan, magtungo man ang mga ito sa alabok, maaari ito ay sunugin, mapasa ilalim man ang mga ito sa dagat. Ang sabi ng Biblia, “Ibinuhos ng Anghel ang sa kaniya sa dagat, at lahat ng namatay ay bumangon.” Walang makapagtatago sa atin, o kaya’y makapahihwalay sa atin, sa Diyos na iyon na labis nating minamahal, na nagbangon sa atin sama—sama.

³⁴⁸ Pagpalain kayo ng Diyos. Pinagtagal ko kayo nang husto rito. Kung ang mga taong iyon ay nasa telepono pa rin, tiyak na sila . . . Sa halagang limampung sentimo bawat minuto, talagang bumayad sila, sa umagang ito. Ngunit, sadyang hindi ako makatigil sa ganung oras, talagang kinakailangan kong ipatuloy.

³⁴⁹ Ngayon, kung loobin ng Panginoon, babalik ako mamayang gabi, upang mangusap muli sa inyo. At kung hindi ko magagawa, at kung gayon inyong malaman lahat . . . Sa palagay ko’y wala na tao sa . . . o wala . . . Wala na ba tayo sa telepono? Wala na tayo sa telepono.

³⁵⁰ Alam n’yong lahat kung saan ako pupunta, hindi ba? Sa Africa! Matagal na akong tumawag; sa maraming taon ay nagsikap akong makabalik. Ngayon isang pangitain, ang Espiritu ng Panginoon ang naghanda ng daan. Sinabi nila, nang marinig ito ng mga kaawa—awang katutubong iyon, na hindi ko napuntahan noong nakaraan nang naroon ako, sila’y nahiga sa lupa araw at gabi, at nagsidating at nagsitangis, at nagsabing, “Panginoon, anong nagawa namin?” libo—libo sa kanila. Mga taong ni hindi nga naniniwalang may kaluluwa sila. Kita n’yo? At nagsitangis sila at nagsidaing, at nagsipag—iyakan sila.

³⁵¹ Huwag kayong magpapauna ng anumang balita. Nakikiusap akong huwag. Kita n’yo, kung mangyayaring ang visa na iyon ay makakarating doon at malaman ng mga ministrong iyon, pipigilin nila ako doon mismo. Kailangan kong pumasok bilang isang mangangaso. Magtutungo ako roon sa reyna na nagdala ng labing pitong tren na punong—puno at dumalo sa pagtitipon. Kailangang aakyat ako at mangangaso sa kaniyang teritoryo. At papasok ako, na ang pasaporte ko at lahat ay nag—aanayaya sa isang mangangaso, hindi isang gawaing pangrelihiyon.

³⁵² Pagkatapos ay may isang kapatid na makikipagkita sa akin, magsasabing, “Bakit hindi ka magdaos ng isang munting pagtitipon para sa amin?” Naupahan na ang mga bulwagan. Ni hindi nila ito nalalaman. Kita n’yo? Oh, luwalhati!

³⁵³ Ipanalangin ninyo na ang kalooban ng Diyos ay hindi nahahadlangan. Na, ang kaluluwa ko’y nananangis para sa Africa buhat pa nang umalis ako, nawa’y magagawa kong makabalik muli, pagkatapos ay makapaghahatid ako ng balita ng isang dakilang pagtitipon. Marahil ay hindi ko na kayo makikita pang muli, mula sa araw na ito, hanggang sa ako’y makabalik. Kami’y papaalis, sa loob lamang ng ilang araw, sa

ika—sampu ng Mayo. Maipapanalangin n'yo ba ako? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.]

³⁵⁴ Alalahanin, hindi mo alam kung ano ang magiging mga problema, hanggang sa makarating ka roon; mga mangkukulam sa magkabila, at ang diablo, at huwag isiping hindi nila alam kung ano ang gagawin. Kita n'yo? At dapat higit mong alam kung ano ang iyong sinasabi, kapag humarap ka sa kanila. "Ngunit nakikilala ko Yaong sinasampalatayanan ko, at lubos akong naniniwalang Siya'y makapag—ingat at aking ipinagkatiwala sa kaniya sa araw na iyon."

Ngayon, may ilang mga panyong nakalapag dito.

³⁵⁵ Mahal na Diyos, tulad ng Mensaheng ito sa umagang ito, ng pagkabuhay na muli, at ng aking pagtayo rito, Panginoon, at pinatunayan sa pamamagitan ng Salita na ang Kapangyarihang nagbibigay buhay ay sa sumasampalatayang anak. Samakatuwid, nang maniwala, sa pananampalataya, na ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay ay nagbago sa aking buhay. At ang mga taong ito ay sumasampalataya, Panginoon, at binago Nito ang kanilang mga buhay. At kami'y nananalangin para sa isa't isa.

³⁵⁶ Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga panyong ito, na . . . Nawa'y ang Diyos, na Siyang bumuhay kay Jesus Cristo at nagpabangon sa Kaniya mula sa mga patay, at ang Espiritu na bumangon sa Kanya mula sa mga patay, ay manahan sa aming katawan.

³⁵⁷ Ang Espiritu na nasa katawan ni Eliseo, na, matapos mamatay at wala na kundi mga buto na lang, ay taglay pa rin nito ang Kapangyarihang nagbibigay buhay. Ang mga kamay ng mga apostol ay taglay nito ang Kapangyarihang nagbibigay buhay. Ang mga kaisipan ng mga apostol, ang paningin ng mga apostol, ang—ang mga dila ng mga mananampalataya, nagtataglay lahat ng Kapangyarihan.

³⁵⁸ Ngayon nawa'y ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay, habang ipinapatong ko itong Salita sa mga ito, at ang aking mga kamay ay sumasagisag sa isang nagtataglay, sa pamamagitan ng biyaya, ng Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay, buhayin nawa Nito ang bawat isa na may mga sakit sa katawang ito, at sila'y muling mapagaling, Diyos, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

³⁵⁹ Nawa'y hindi lamang ito para sa mga panyong ito, kundi maging doon sa mga tao na nakikinig sa malayo, bawat isa na may karamdaman. Yaong munting mga bata, mga matatanda, maging anuman sila, buhayin nawa sila ng Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay ngayon din, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³⁶⁰ Ngayon, ilan ba ang nagtataglay ng Kapangyarihang nagbibigay buhay? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Ngayon ipatong ang inyong mga kamay sa isa't

isa, kung nasa inyo na ang Kapangyarihang iyon na nagbibigay buhay.

³⁶¹ Ngayon, iisang bagay lamang ang makapipigil Nito, makahahadlang, iyon ay ang inyong di—pagsampalataya. Isang babaing humipo sa Kaniyang damit, na napagaling; isang sundalong Romano ang dumura sa Kaniyang mukha, at napunta sa impeyerno. Kita n'yo? Kaya kailangan... kumpormi iyon kung saan ka naroroon. Sumasampalataya ba kayo Rito? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Sumasampalataya ba kayo Rito?

³⁶² Ngayon nais kong iyuko n'yo ang inyong ulo at manalangin para sa isa't isa. Basta't—basta't manalangin lamang kayo, sabihin n'yo lang. "Panginoon, ang taong ito"... Kita n'yo, manalangin lamang kayo para sa isa't isa.

³⁶³ Mahal na Diyos, ginagawa namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang tanging Pangalang ibinigay sa tao na sa pamamagitan nito'y maaari kaming maligtas o mapagaling. Ang mga taong ito, na kapuwa mga mamamayan ng Kaharian, na nagtataglay ng Kapangyarihang nagbibigay buhay, buhayin Ito sa kanila, Panginoon, ngayon lang. At ang Espiritu nawa ay humayo mula sa isang agila tungo sa isang agila, mula sa Salita tungo sa Salita, hanggang ang kapuspusan ni Jesus Cristo ay maipahayag sa bawat katawan, para sa pisikal, espirituwal, o anumang pangangailangang mayroon sila, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa isa't isa. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.



ITO AY ANG PAGSIKAT NG ARAW TAG65-0418M

(It Is The Rising Of The Sun)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Abril 18, 1965 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2006 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org